Tagalog
Who Do You Say This Is
64-1227

Mga Sermon ni William Marrion Branham

"... sa mga araw ng tinig ..." Apoc. 10:7

Sino 'Ka N'yo Ito

Phoenix, AZ, USA
Disyembre 22, 1964

Pambungad

Ang di pangkaraniwang ministeryo ni William Branham ay tugon ng Banal na Espiritu sa mga hula ng Kasulatan sa Malakias 4:5,6, Lucas 17:30, at Apocalipsis 10:7. Ang pandaigdigang ministeryong ito ang naging kulminasyon ng maraming iba pang mga hula ng Biblia, at naging pagpapatuloy ng pagkilos ng Diyos sa pamamagitan ng Kaniyang Espiritu sa Huling panahong ito. Ang ministeryong ito ay ipinangusap sa Mga Kasulatan na siyang maghahanda sa mga tao para sa Ikalawang Pagdating ni Jesus Cristo.

Idinadalangin namin na ang nakalimbag na Salita ay maisulat sa inyong puso habang inyong binabasa ang mensaheng ito na may lubos na pananalangin.

Bagama't ginawa ang lahat ng pagsisikap upang makapagkaloob ng isang wasto at walang bawas na pagsasalin, ang mga audio file sa wikang Ingles ang pinakamainam na representasyon ng mga sermon na ipinangusap ni Bro. Branham.

Higit sa 1,100 mga audio at inilimbag na bersyon ng mga sermon na ipinangaral ni William Branham ay maaaring i-download at iimprenta nang walang bayad sa iba't ibang wika sa:

www.messagehub.info

Ito ay maaring kopyahin at ipamahagi basta't kokopyahin lamang nang buong-buo, hindi babaguhin, at ipamamahagi nang walang bayad.

medyo gusto nilang magsama-sama at mag-usap tungkol sa mga bagay-bagay, magfellowship.

236 At pinahahalagahan ko 'yan, ngunit ayaw ko ng offering, brother, sister, ako'y… Binibigyan ako ng maliit na suweldo ng aking iglesia na sandaang dolyar sa isang linggo at ayos na ako ro'n. Kaya't pinahahalagahan ko yun. ngayon kung may sinuman sa inyong nagnanais na kumuha ng inyong panghapunan, buweno, may pupuwesto ro'n sa likuran sa may pintuan at maghapunan kayo, sagot ko. Kita n'yo, ayos lang yun. Di ko napaghapunan ang ilan sa inyo. Mahal n'yo ba Siya? Kung gayo'y kailangan n'yong mahalin ako saapagkat ako'y bahagi Niya, kita n'yo. Amen. Iyan ang dahilan kung bakit mahal ko kayo. Pagpalain kayo ng Panginoon.

237 Magsitayo na tayo. Huwag n'yong kalilimutan ang mga paparating nating mga pagtitipon. Kailan man kayo naririto, alalahanin n'yo lang na pumasok. Palagi kayong welcome. Maaari bang ipanalangin n'yo ako? Ako ang taong nangangailangan ng panalangin. Maaari bang manalangin kayo? Ilan ang nakauunawa sa kabigatan ng kailangan kong gawin, at ng mga bagay na nasa aking harapan? At alam ko kung anong paparating, sa banda ro'n. Nakikita n'yo ba? Nakikita ko iyon kung paanong nakikita ko ang ibang mga bagay na parating. Alam ko kung anong parating, kita n'yo. Ngunit walang oras para pag-usapan iyon. Pag-usapan natin kung anong nangyayari sa kasalukuyan. Bahala na ang bukas sa sarili niya, kita n'yo. Kayo ba'y… Maari bang ipanalangin n'yo ako? Ngayon, itinaas n'yo ba ang kamay n'yo na ipapanalangin n'yo ako? Sige.

238 Pagpalain na kayo ng Diyos. Ibabalik ko na ang gawain sa iyong kaibig-ibig na pastor, Brother Jimmy Outlaw. Pagpalain ka ng Diyos, Brother Outlaw.

Sino 'Ka N'yo Ito

1 Magandang umaga, mga kaibigan. Tunay ngang itinuturing kong isang pribilehiyo na maparito sa iglesiang ito. At medyo gusto ko ang pangalan nito unang-una. Ang tawag dito'y "Jesus Name." Gusto ko 'yon. Palagay ko 'yan ang… Iyan ang pangalang pinangtubos sa akin, ang kaibig-ibig na pangalan ng Panginoong Jesus. At isa pa ang makasama rito ang mga matalik kong kaibigan, na nagkakatipon ngayong magandang umaga ng Linggo, dito sa Phoenix. Wala akong alam na lugar na mas gusto kong puntahan, liban na lang sa Langit kasama kayong lahat. At iyan ang dakilang kaganapan na pinakaaabangan natin isang araw.

2 Nakatanggap ako ng tawag ng maysakit, na humihiling na pumarito ako, ngayong araw. At kausap ko si Brother Outlaw, ang mahal kong kaibigan, at buong biyaya niya akong inanyayahang pumarito. At lahat ng mga ministro dito sa Phoenix ay tunay na naging napakabuti sa akin.

3 Nag-iisip ako minsan kung bakit lumipat ako sa Tucson. Tatlong taon na akong naroroon, at di pa ako naiimbitahan saan mang pulpito. Kaya palagay ko ako'y… kailangan kong gawin ang pagbisita ko rito sa Tucson… o dito sa Phoenix, kung saan ay nadarama kong mainit ang pagtanggap sa akin. Buweno, marahil ay masasanay din sila sa akin isa sa… Alam n'yo na, nangaral ako ro'n nung isang gabi, at inabot ng tatlong oras; di nakakapagtakang di nila ako hinilingang bumalik.

4 Ngunit ganun na lang ang damdamin ko sa puso ko para sa Diyos at sa Kaniyang bayan. At napakabagal ko, at nangangamba akong may malampasan ako at di ako makapangusap nang sapat, kaya pinagsasama-sama ko ang tatlo o apat na mensahe sa isa. Kaya't tiyak ngang… sa inyong mga nakadalo roon. Humihingi ako ng paumanhin na pinagtagal ko kayo nang ganun. Di ko dapat ginawa 'yon.

5 At nagagalak din akong makasama ngayong umaga si Brother Carl Williams, at si Jimmy, at ang choir, at ang magkapatid na Moseley na kaibigan ko; nakikita ko si Brother John Sharrit, at napakarami sa mga kaibigan ko; si Bother Patt Tyler na narito mula sa Kentucky, at napakaraming mga kaibigang nagkatipon sa kapulungang ito ngayong umaga. Kita n'yo, nakita ko ang marami sa mga kaibigan kong taga Tucson at iba pa, na nakaupo rito.

6 Iniisip ko ang araw kapag natapos na ang lahat ng ito, magkakatipon tayo sa lugar na tayo'y… hindi na tayo… hindi na natin kailangang tumigil sa pakikinig sa magandang musikang ito, kita n'yo. Kapapansin ko lang na ang anak ni Brother Williams ay nakaupo riyan, nagpatotoo siya nung isang gabi sa Ramada Inn. At sa wari ko'y halos anim na piye ang taas niya. Ngunit sinasabi ko sa inyo, pagkatapos ng patotoong iyon, sa paniwala ko'y sampung piye ang taas niya. Siya'y… Talagang pinahalagahan ko ang sinabi ng lalaking 'yan, napakagandang patotoo.

7 Kapag naririnig kong nagpapatotoo ang mahuhusay at bata pang mga kalalakihang ito tungkol sa kanilang pananampalatayang nakasentro kay Cristo… At tumatanda na ako, at ako'y… isang araw kailangan ko nang huminto at umuwi. At nakikita kong nagpapasimula na ang mga kabataang lalaking ito na nakahanda na, at naghahandang magpatuloy sa aalisan ko… At ganiyan ang ginagawa natin. Ganiyan nakalatag ang buhay. May isang henerasyong lilitaw… ama at ina. At palalakihin nila ang mga anak nila, at minamasdang nagsisipag-asawa; at nagdadatingan ang mga apo. Pagkalipas ng ilang panahon namamatay ang tatay at nanay. At pagdating ng panahong iyon ay handa na naman ang mga anak para sa mga apo; at isa-isa silang pumapanaw. Ngunit magkakaroon ng isang malaking pangkalahatang pagkabuhay na muli isa sa mga araw na ito. Lahat tayo'y tatawagin sa presensiya ng Diyos upang magsulit sa ibinigay sa atin ng Diyos: kay Jesus Cristo. Kung kaya't lubos akong nagagalak na malamang nabuhay ako sa henerasyong ito kasama ang isang mainam na lupon ng mga taong nakilala ko sa buong mundo. Sadyang nagpapasalamat ako sa Diyos. At isang araw kapag tinawag na ako, buweno, kakailanganin kong harapin ang mga gawang ginawa ko. Nais kong lahat mga iyon ay maging sa ikaluluwalhati at ikararangal ng Diyos.

8 Habang papalapit tayo sa Bagong Taon napakaraming bagay na gusto ko sanang kalimutan, ngunit alam kong ikinumpisal ko na sa Kaniya na ang mga iyon ay mali at inilagay na Niya ang mga iyon sa dagat ng paglimot, at hindi na Niya maaalala pa kailan man. Kita n'yo, hindi tayo nilikha nang ganiyan, palagi tayong nakakaalala. Maaari tayong magpawatad sa isa't isa, ngunit di tayo nakakalimot sapagkat iba ang pagkakayari sa atin. Ngunit kaya itong patawarin at kalimutan ng Diyos. Magagawa Niyang pahirin na lang ito na para bang di ito nangyari. Kita n'yo? Sapagkat may daan siya sa dagat ng paglimot, ngunit tayo ay wala. Isipin n'yo na lang ito, na hindi maalala ng Diyos na nagkasala tayo magpakailan man. Isipin n'yo iyon! Choir, kayong mga kabataan, ano kaya kung… Paano 'yan? Ni hindi naaalala ng Diyos na nagkasala tayo. Kita n'yo, kaya Niyang kalimutan ang lahat ng ito, at hindi na maaalala pa magpakailan man. Di ba't kakaiba iyon?

9 Hindi ito lugar para magbiro. Di ako naniniwala sa pagbibiro o pagpapatawa sa… Naaalala ko ang isang kaibigan ko. Yumao na siya sa langit. Ngunit nagkuwento siya sa akin minsan, tungkol sa isang mag-asawang lumipat sa syudad galing sa probinsya. At sila'y mayroong… Ang mag-asawang ito ay may tatay na talagang nag-aapoy para sa Diyos. Ang babae (tatay niya iyon) ay napahalubilo sa mga bigating tao. Alam n'yo na, kung saan ginaganap ang lahat ng klase ng mga bigating libangan. At magdaraos sila ng isang uri ng kasayahan sa bahay niya nung araw na iyon.

10 At ang tatay niya, pagkatapos na mananghalian, aba'y kinukuha niya ang kaniyang Biblia at pumapasok sa kuwarto at magbabasa sandali. At ilalapag

kong magpaupo-upo… alam n'yo 'yun. Ewan ko. Gusto ko ng fellowship. Alam n'yo, di ako nakakaranas nito sa maraming lugar, alam n'yo 'yan, pakaunti na nang pakaunti. Ngunit alam kong papalapit na ako ro'n, kita n'yo. At isang araw ipapangaral ko ang huling sermon ko, isasara ko ang Biblia sa huling pagkakataon. Magbibiyahe na ako pagdating ng sandaling iyon. Bisitahin n'yo ako minsan pag bumiyahe na 'ko. Lapitan n'yo ako, at uupo lang tayo magpakailan man, at mag-uusap tulad ng sabi ni Brother Carl, at mabubuhay magpakailan man.

232 Ngayon tignan n'yo, mga kaibigan, hihilangan ko kayo ng isang bagay na nais kong gawin n'yo. Di ko kayo pinaghapunan, kita n'yo. At ngayon, may ginawa si Brother Outlaw kani-kanina lang… Bihira siyang gumawa ng anumang bagay na di ko gusto. Ngunit—kumuha siya ng offering para sa akin, kita n'yo. Iniisip ko kung pwedeng bumalik ang isa sa kanila at ibalik du'n ang offering na 'yun, at tumayo sa pintuan. At kunin mo at ipambili n'yo ng inyong hapunan. Iyan ay isang regalo mula sa akin, pabalik sa inyo, kita n'yo. Gawin n'yo 'yun. Magiging mainam 'yun. Siya'y isang magiliw na lalaki. Palagi niyang… Hindi siya kailan man… di ako nagpupunta kahit saan o gumagawa ng anumang bagay na di siya nagnanasang gawan ako ng anumang makakatulong sa akin. Gawi niya yun.

233 May mga lalaking nakatayo rito; nangangamba akong tawagin ang pangalan nila, baka masaktan ang damdamin nila. Mayroong isang kapatid na kaaalis lang patungo sa Langit, mabilis siyang umalis. Ang pagnanasa niya… Alam niyang gusto ko ang kagubatan, kaya hinangad niyang bilhan ako ng isang jeep. Ayaw ko siyang payagan. Ngunit nagtipun-tipon ang iba pang mga kalalakihan at nagpunta rito… At may isa pang kapatid na nagsisimba rito, aniya, "Brother Branham, gumagawa ako ng mga *sand wagon*." Alam n'yo 'yun, mga *buggy*; o kung tawagin n'yo ay *hacks*. At ang sabi n'ya, "Igagawa kita ng isa niyon." Ayaw ko siyang payagan. Alam n'yo kung anong ginawa ng mga kalalakihang ito? Gumawa sila ng pinagsamang jeep at *sand hack*. Hindi pa ako nakakita ng ganun.

234 Mula sa pagtitipon sa Tucson nung gabing iyon, minaneho nila iyon patungo sa bakuran ko, at ang sabi nila, "Ito ay regalo mula sa mga taga Phoenix." Kita n'yo, di lang ang sarili nila ang isinama nila, ang sabi nila, "Oh, kaming lahat 'yan, kita n'yo." Iyon ay… Oh, basta't alam ko kung makakarating ako sa langit, mabubuhay akong kasama ang mga taong tulad niyon. Napakahalaga niyon sa akin, alam n'yo, ang bagay na tulad niyon; ang munting… bagay.

235 Dahil du'n ganiyan din ang damdamin ko dito kay Brother Outlaw. Sasabihin niya, "Brother Branham, akin lamang… Pumarito ka sa isang… basta't pumunta ka sa isang lugar hanggang sa mapamahal ka na sa kanila, at kakausapin ka, at pag-uusapan n'yo si Jesus. At ang mga taong… Buweno, alam n'yo na, "Ang mga ibong magkakapareho ng balahibo." Alam n'yo na,

Cristo. Sa Kaniya na tayo. Ngayon habang umaawit tayo, pumihit lang tayo at makipagkamay. Di n'yo kailangang tumayo. Sabihin n'yo lang, "Pagpalain ka ng Diyos, Brother. Pagpalain ka ng Diyos, Sister," habang ginagawa natin ito sa isang tunay na Cristianong kapaligiran. Naniniwala akong gusto ng Diyos na masamba. Di n'yo ba naiisip 'yon? Sambahin n'yo Siya. Siya'y… ang Diyos ay pinatutungkulan ng pagsamba. At nais nating sambahin Siya. At paano natin 'yun gagawin? Mahalin n'yo ang isa't isa. Nais n'yong magtratuhan sa isa't isa nang… "Dahil sa ginagawa n'yo sa mga ito, ginagawa n'yo iyon sa Akin."

227 Awitin na natin ito ngayon, at magkamayan tayo, at sumamba kayo, maaari ba?

'cause He…

Pagpalain kayo ng Diyos.

Oh, I love Him, I love Him
Because He first loved me,
Ang purchased my salvation
On…

228 Iniisip ko, nagliliyab ba 'yan sa inyong puso? Mayroon bang isang bagay sa kalooban n'yo na sadyang masarap damahin? Alam n'yo, ang pakiramdam mo'y maaari mo itong ilabas upang yakapin. (Ha?) Ganiyan ba ang pakiramdam n'yo sa inyong puso? Kung hindi, kaibigan, mag-ingat ka. Nasa mapanganib kang lugar, kita n'yo, kung walang tunay na pag-ibig diyan sa loob, isang bagay na nagsasabing, "Mahal ko Siya." Hindi lamang isang awitin, kundi isang realidad. Siya ang unang nagmahal sa akin. Nasaan na kaya ako sa araw na ito… Singkwenta'y singko anyos na ako. Di magtatagal ay matatapos na ang buhay ko, kita n'yo. At anong aking… binayaran Niya ang kaligtasan ko… Brother Trow, ano ang iyong…? [May isang lalaking nagsalita mula sa kongregasyon.]

229 Narinig n'yo ang patotoong iyon, "Naligtas."

Saved by His power divine,
Saved to new heights sublime!
Life is now sweet my joy is complete,
For I'm saved!

230 Paano mo nalalaman? Nagpapatotoo ang espiritu ko kasama ng Kaniyang Salita na ako'y lumipat na sa buhay mula sa kamatayan.

231 Salamat sa inyo, mahal kong mga Cristiano. Nakatutulong 'yun sa akin. Gusto kong pumasok sa isang lugar na katulad nito kung saan ay palagay ka. Nahihirapan akong umalis. Panay ang isip ko, tignan mo ang orasan; at nakikita ko ang anak kong babaeng nakaupo riyan, umiiling na sa akin, at yumuyukong ganiyan; at ang anak kong lalaki na nakaupo rito sa itaas, na nagsasabing, "Bakit nagtatagal ka pa rito?" Hindi ko alam. Sadyang gusto

niya ito, at siya'y iiyak, at sisigaw, at hihiyaw, at magwawala, at tatayo at magsusuot ng kaniyang antipara at muling magbabasa. Pagkatapos ay makakakita siya ng isang bagay, at ilalapag ang kaniyang antipara at magsisimula na namang umiyak at sumigaw. Ang sabi niya, "Gagambalain nito ang party ko kaya't kailangan kong… Dapat may gawin ako sa Tatay ko, at di ko alam kung ano." Kung kaya't nagpasiya siyang paakyatin siya sa itaas.

11 At napag-isip isip niya, "Teka muna, di ko puwedeng ibigay sa kaniya ang Biblia niya, dahil ganun din ang gagawin niya du'n sa itaas." Kaya't binigyan niya na lang siya ng Geography, at pinaakyat. Ang sabi niya, "Tay, tignan mo ang mga litrato sa buong mundo at iba pa habang nagpaparty kami." At ika pa niya, "Hindi kami magtatagal. Doon kami sa ibaba… Bumaba na lang po kayo pagkatapos ng ilang sandali." Sabi niya, "Alam kong ayaw n'yong mapalapit sa kinaroroonan ng mga babaeng iyon."

12 Ang sabi niya, "Ayaw ko nga, tama, Iha. Aakyat ako."

13 Kaya't nag-ayos siya ng ilaw at isang maliit na lugar. At naisip niya, "Ayos na. Ngayon, titignan niya na lang ang mga litrato at magbabasa nang kaunting *geography*, at pagkatapos… pagkalipas ng ilang sandali bababa na siya. At magiging maayos na."

14 Nang sila'y mapasakalagitnaan na ng pag-inom nila ng kanilang *pink lemonade*, alam n'yo, at habang nagkakasayahan sila… Buweno pagkatapos ng ilang sandali, nagsimulang yumugyog ang bahay, at ang matanda ay nagsimulang magtatakbo sa sahig na sumisigaw at nagtatatalon. At naisip niya, "Anong nangyari sa kaniya? Wala naman sa kaniya ang Biblia du'n sa itaas. Malamang may nakuha siyang Biblia."

15 Kaya't patakbo siyang umakyat sa hagdan, at nagsabi, "Tay!" Aniya, "Hindi Biblia 'yang binabasa mo. Geography 'yan."

16 Ang sabi niya, "Alam ko, Iha. Alam ko! Ngunit" aniya, "alam mo, nung isang araw nabasa ko sa Biblia nang sabihin ni Jesus na ibinulid Niya ang mga kasalanan natin sa dagat ng pagkalimot, kita mo, at di na Niya aalalahanin pa kailan man. At nagbabasa ako rito tungkol sa lugar na ang sabi nila ay di nila makita ang ilalim ng karagatan, sa Geography." Aniya, "Isipin mo na lang, sumisisid pa rin sila."

17 Iyon ang nagpasaya sa kaniya. Kaya't makikita n'yo ang Diyos saan man kayo tumingin. Kita n'yo, kung ililibot n'yo lang ang inyong paningin, ang bawat bagay ay mangungusap para sa Kaniya.

18 Ngayon sa katotohanan, at sa buong katapatan, sinabi ko kay Brother Outlaw, "Anong ipapangusap ko ngayong umaga? Naipahayag mo na ba ang iyong Pamaskong mensahe?"

Sabi niya, "Oo."
Ang sabi ko, "E ang pang-Bagong Taong mensahe mo?"
"Hindi pa."

19 Mayroon akong mga outline dito sakaling maimbitihan ako saan mang lugar, mangungusap ako ng aking pang-Bagong Taong mensahe. Naisip kong ipaubaya na lang iyon kay Brother Outlaw sa susunod na linggo.

20 Kaya't naisip kong marahil babalikan ko na lang ang isang maliit na tekstong naririto na makapagpapanatili sa atin sa loob ng ilang minuto, kung loloobin ng Panginoon. At nagtitiwala tayong pagpapalain Niya tayo. Nais kong pasalamatan si Brother Outlaw at ang iglesiang ito, sa pag-iimbita sa akin upang mangusap dito. At ako'y… Tulad ng sabi ni Brother Outlaw, "ang pagkakaibigan namin ay di kailan man nalanta," kundi iningatan kami ng biyaya ng Diyos sa lahat ng mga taong nagdaan. Ito ang unang iglesiang nag-imbita sa akin, at pinuntahan ko, sa Phoenix.

21 Alam ko… Sa paniwala ko si Brother Trow itong tinitignan ko rito. Hindi ako tiyak… nakaupo sa harapan. Tama ba, Brother Trow? Sa paniwala ko nandu'n na siya nung panahong iyon. Mayroon akong ilang maliliit na bagay na ibinigay niya sa akin nung panahong iyon; munting… hinuhulma nila iyon o kung anuman. Alam n'yo 'yon, maliliit na mga bagay na yari sa tanso na galing dito sa lugar n'yo. At sa paglibot mo ng iyong mata… Iniisip ko lang kung paano na kaya sa umagang iyon ng ating pagtawid, alam n'yo na, at makikita natin ang mga tao… sasabihin nila, "Buweno, hayun…" Alam n'yo, magiging ibang-iba na ang itsura natin pagdating ng panahong iyon, kaysa sa itsura natin ngayon. Tayo'y magiging… Tama. Di na tayo magtataglay ng anumang bakas ng kasalanan o katandaan. Magiging sakdal tayo. Oh, nananabik ako sa panahong iyon (hindi ba kayo rin?) kung saan lahat ng kabagabagan ay matatapos na.

22 At ngayon, mayroon akong isang mensahe mula sa Diyos na nadarama ko. At ako'y… ayaw kong maging iba, ngunit dapat akong maging tapat. Kung di ko sasabihin ang mga kumbiksyon ko, kung gayo'y di n'yo ako mapagkakatiwalaan. Dahil magiging parang taksil ako o isang ipokrito. At iba riyan ang nais kong maging ako, kita n'yo. Maaaring mawalan ako ng ilang mga kaibigan sa ibabaw ng lupa, ngunit nais kong manatiling tapat sa aking mga kumbiksyon, sa iniisip kong tama.

23 Ngayon, napakadali pa noon nang magpasimula ako maraming taon nang nakakalipas; ang mga tanda, at ang mensahe, at ang pangangaral. Bukas ang lahat ng dako, "Pumarito ka! Pumarito ka! Pumarito ka! Pumarito ka!" Ngunit makikita n'yong ang bawat tunay na tandang mula sa Diyos ay may mensahe, may tinig. Kita n'yo, sumusunod ito. Nagsusugo Siya ng isang bagay upang pumukaw ng pansin sa napipinto Niyang sabihin. Tulad ng nagkaroon tayo ng napakagandang pag-awit na ginawa ng choir na ito; ano dapat ang gawin nito? Ang patahimikin ang mga tao para sa parating na mensahe.

24 'Yan ang ginagawa ng isang tanda. Nagkaroon si Moises ng mga tandang sinabi natin nung isang gabi, at ang mga tandang iyon ay may mga tinig. At nang mangusap ang tinig… humayo rin si Jesus at nagpagaling ng mga

bumuo ng denominasyon. Ngunit anong nangyari sa mga denominasyon sa panahon ng revival na ito? Anong ginawa nila? Tuwiran silang nagtungo sa Laodicea. Milyun-milyon, bilyun-bilyong dolyar ang bumuhos dito, sadyang… at naging malaki siya at mayaman at nagtayo siya ng mga gusaling milyun-miyong dolyar ang halaga at ng mga bagay na tulad niyon. At para tanggapin ang mensahe? Hinding hindi. Itinaboy nila ito. Ano iyon? Kumalas na ang ipa sa trigo. Ngayon, ang trigo ay kailangan nang magkaganiyan, upang maibilad sa presensiya ng Anak upang maging ebanghelyong lubos, at ginintuang butil para sa Panginoon. Paniniwalaan n'yo ba ito? Ngunit sino ba ito? Sino ito? Maaari bang ito ay tao? Maaari bang ito ay isang iglesia? Maaari bang ito ay isang denominasyon? Ito'y si Jesus Cristo, na siya pa rin kahapon, ngayon, at magpakailan man. Sumasampalataya ba kayo sa Kaniya?

224 Iniisip ko ngayon, kaunting pagsamba lang matapos ang isang matalas na pangangaral na tulad niyon,… Sister, tugtugan mo kaya kami para sa munting choir na naririto, patungkol sa I Love Him. Alam n'yo ba ang lumang awiting iyon?

I love Him, I love Him
Because He first loved me,
Purchased my salvation
On cold, dark Calvary.

225 Maaari bang samahan n'yo ako sa pag-awit? Kayong lahat ngayon, bilang pagsamba. Samahan n'yo lang ako sa pagsamba.

I love Him,…

(Ngayon, alalahanin n'yo, tulad ng telebisyon, naririto Siya.)

Because He first loved me,
And purchased my salvation
On Calvary's tree.

Nauunawaan n'yo ba kung anong ibig sabihin niyon? Inyo bang… Nakukuha n'yo ba ang lalim ng Kaniyang ginawa?

I love Him,…

Hindi ko Siya nakikita, subalit naririto Siya. Mayroon akong receiving set dito, may isang munting bagay na nagliliwanag sa aking puso. Alam kong isinasalamin Siya nito. Siya'y naririto.

… loved me,
And purchased my salvation
On Calvary…

226 Ngayon, nais kong gawin n'yo ito, habang hinihimig natin. Halo-halo tayo pagdating sa mga pinanggalingan natin. Alalahanin n'yo ang background ko ay Catolico. Kita n'yo? Ngayon halo-halo ang grupo natin dito, ngunit nakalabas na tayo sa lahat ng mga bagay na iyon. Tayo ay nabibilang na kay

damuhan" at lahat na, kita n'yo. Ngunit Siya ang Salitang iyon. Siya ang Salitang iyon. Iyon na 'yun: sampalatayanan n'yo ang Salita. Ang Diyos ay ang Salita. Sampalatayan n'yo ito.

219 Kung di pa kayo tumatanggap ng bautismong Cristiano, mayroon ditong bautismuhan. Kung di mo pa natatanggap ang tunay na Espiritu Santo, na nagpapaalam sa iyo na ang bawat salita ng Diyos ay katotohanan; nagpapasabi sa'yo ng, "amen" dito at nagpapasampalataya dito ng buong puso mo, kung gayo'y maaari mo itong tanggapin ngayong umaga. At pag nagkagayon ay di ka na magtatanong kung sino ba itong nagpapakilos sa mga tao upang kumilos ng ganito. Malalaman n'yo kung ano ito. Kung wala kayong ganiyang karanasan, maaari bang sabihin n'yo, "Brother Branham, alalahanin mo ako sa iyong panalangin, at itatas ko ang kamay ko"? At sasabihin mo, "At ako'y…" Pagpalain ka ng Diyos. Pagpalain ka ng Diyos. Ikaw, ikaw, pagpalain ka ng Diyos, mainam 'yan. Pagpalain ka ng Diyos, mabuti.

220 O Diyos, habang marahang tumutugtog ang musika… oh, kahanga-hanga Siya! Tunay nga: Tagapayo, Prinsipe ng Kapayapaan, makapangyarihang Diyos, walang hanggang Ama. Idinadalangin ko na magbigay ka po sa mga taong ito, Panginoon. Ang magagawa ko lang ay manalangin. Iyon lang ang alam kong gawin, ang humingi para sa kanila. Itinaas nila ang kanilang mga kamay. Ginagawa ko kung ano ang ipinangako ko sa kanila, idinadalangin kong ipagkaloob Mo sa kanila ang dakilang karanasang ito; hindi lang basta isang emosyon, kundi isang tunay na karanasan; ang makatagpo ang Diyos tulad ni Moises doon sa lupang nababalutan ng kaluwalhatiang Shekinah; at hindi lang dun, kundi huwag nang tumalikod pa sa Salitang iyon, upang magpatuloy papasok sa lupang pangako na taglay-taglay ito. Diyos, itulot Mo po ito sa bawat isa, ngayong umaga.

221 Mayroong karamdaman sa kalagitnaan namin sa araw na ito, Diyos. Dalangin naming pagalingin Mo iyon. Pagalingin Mo po ang bawat taong may sakit, bawat nangangailangan. Ipagkaloob Mo po ito, Panginoon. Sila ay sa'yo na ngayon. Ibinibigay ko po sila sa Iyo sa ngalan ni Jesus. Amen.

222 Ipagpaumanhin n'yo… nagtagal ako rito ng dalawang oras. Ngunit tignan n'yo, nasa inyo ang buong magdamag. Maaari kayong umuwi at makabawi at makatulog nang kaunti. Ngunit huwag n'yong kalilimutan ang sinabi ko sa inyo. Sinabi ko iyon mula sa aking puso. Alam kong parang kakatwa ito. Ilang taon pa lang ang nakakaraan nang dumating ako dito sa Phoenix na kasama n'yo, nagpapagaling sa may sakit sa pamamagitan ng panalangin ng pananampalataya. Di ko iyon ipinaliwanag, di ko nais na ipaliwanag. Nagmatiyag lang ako at tinignan ko kung anong gagawin ng mga tao, minasdan ko lang na lumitaw ang mga manggagaya at iba pa. Naging dakilang bagay para sa akin na masdan iyon.

223 Ngunit ngayon, dumarating ako sa inyo na mayroong isang mensaheng binindika ng tandang iyon. Ano ang ginawa ng iglesia… Hindi, hindi ito

maysakit. Dakilang tao Siya noon. Ngunit nang dumating na ang oras ng propeta na nasa ibabaw ng lupa noon… Apat na raang taong wala silang propeta, at naparito Siya sa lupa na gumagawa ng mga tanda. Nung siya ay "mabuting tao" pa, gusto Siya ng lahat. Ngunit pagdating ng mensaheng kasunod ng tanda, ang tinig… nang maupo Siya isang araw, at magsabing "Ako at ang Ama ay iisa." Ay, naku! Iba na 'yon. Ayaw nila 'yon, kita n'yo.

25 At iyon… ang mundo ay sadyang ganiyan, mga kaibigan, kita n'yo. Sila'y… anumang makukuha nila, kung mapakikinabangan nila, kita n'yo… Kung sa palagay nila ay di nakagagambala sa kanila, aba'y, gagawin nila ito. Ngunit kapag kailangan na nilang baguhin ang kanilang mga ideya tungkol sa mga bagay-bagay, du'n nagkakaproblema.

26 Ngayon, nakikita n'yo ba, tayo ay nagtatayo ng isang gusali, hindi ng isang pader. Gusto ng mga tagapagtayo na mag-asintada ng dire-diretso lang. Ngayon kayang gawin 'yan ng kahit sinong tagapagtayo. Ngunit kinakailangan ang isang talagang bihasang mekaniko para lumiko sa kanto, kita n'yo. Kapag kailangan mong lumiko sa kanto, diyan kakailanganing… ipinapakita nito kung ika'y… isa talagang mason o hindi; kapag kaya mong lumiko sa kanto, at mapanatili itong nakalinya pa rin sa kabuuan ng gusali, sa iyong pagliko. Ngayon sa mga kantong ito nagkakaproblema. Gusto ng mga tagapagtayo na magpatuloy sa pag-aasintada nang diretso, ngunit hindi tayo nagtatayo ng isang pader; kundi ng isang gusali.

27 Ngayon sa pagtungo natin dito, ngayong umaga, ipanalangin n'yo ako, at aking… Palagi akong nananalangin para sa inyo. At ngayon, magsiyuko tayo sandali sa presensiya ng dakilang Jehovang Diyos. At napagtatanto natin ang ating kakulangan; lahat tayo. At walang isa man sa atin dito na di nangangailangan. Iniisip ko, habang nananalangin tayo, kung mayroong simuman sa inyong may natatanging pangangailangan?

28 Alam n'yo, ang impinit na Diyos, tulad ng sinabi ko dito sa Phoenix nung isang araw sa pagtitipon… Darating ito tulad sa telebisyon, si Cristo ay naririto mismo sa gusaling ito ngayon. Kita n'yo, bawat galaw n'yo, sa bawat pagkurap ng inyong mata, hindi ito namamatay. Ito'y nasa *ether waves* ng himpapawid. Hindi ang telebisyon ang may gawa niyan. Dinadampot lang nito ang *wave* mo, at ito'y inilalabas sa screen. Nandu'n talaga ito. Dati pa. Bawat kilos na ginagawa mo ay buhay, sa hangin. Ngayon, nakikita n'yo ba kung anong kahihinatnan natin sa paghuhukom?

29 Samakatuwid, narito rin ang Diyos sa ganung paraan. Hindi natin Siya nakikita, tulad din ng di natin nakikita ang mga larawang iyon sa telebisyon. Kinakailangan ang isang uri ng tubo o *crystal* upang madampot ang tinig, at maipakita ang larawan at iba pa. Nandito na 'yun nung si Adan ay naririto pa sa lupa, ngunit nadiskubre lang natin. Naririto ang Diyos ngayong umaga. At isa sa mga araw na ito, sa milenyo, mauunawaan natin ito. Magiging mas tunay lang kaysa sa telebisyon o iba pang bagay na Siya ay narito sa

pagtitipon ngayong umaga.

30 Ngayon habang tayo'y… sa kaisipang iyan, ingatan n'yo sa inyong puso kung anong pangangailangan n'yo, at itaas n'yo ang inyong kamay sa Kaniya. Maaari bang gawin n'yo 'yun? Sabihin n'yo, "Panginoon,…"

31 Ngayon, makalangit naming Ama, ito lang ang paglapit na mayroon kami, at iyon ay sa pamamagitan ng panalangin. At kami'y lumalapit sa ngalan ng Panginoong Jesus. Hindi kami karapat-dapat na bumigkas ng pangalang iyon, upang ito ay gamitin. Hindi namin iniisip sa anumang paraan na kami'y karapat-dapat, ngunit kami'y inanyayahan lamang na gawin iyon. At nalalaman naming sinabi Niya, "Kung hihingi kayo sa Ama ng anumang bagay sa aking pangalan, ipagkakaloob Ko ito." At kami ay… kung makatatayo lamang ang pananampalataya namin sa likuran niyon, bilang Salita Niya at kung sino Siya, kung gayo'y nakatitiyak kaming matatanggap namin ang hinihiling namin. Nakita Mo ang bawat kahilingin. Nakita Mo ang kamay ko. Alam Mo ang aking kahilingan.

32 At Ama, idinadalangin ko ang bawat isa sa kanila. Na lahat ng pangangailangan nila… Panginoon, di ako naniniwalang ang isang lupong katulad nito ay hihingi ng anumang bagay na mali. Na ito ay para lang sa isang bagay na magsusulong sa kanilang kaharian, marahil para sa kanilang kagalingan; at para mangyari 'yun, nais nilang… o sa kanilang pagkaunawa. Nais nila iyon nang sa ganun ay maisulong nila ang kaharian ng Diyos.

33 At idinadalangin ko, Diyos, na matugunan ang kahilingan ng bawat isa. Pagpalain Mo po ang iglesiang ito, ang pastor nito, ang mga katuwang, at ang mga diyakuno, mga trustee, lahat ng miyembro, ang mga bisita, at mga estranghero. Hindi sila mga estranghero, Panginoon. Kaming lahat ay mga anak Mo sa pamamagitan ng biyaya at sa pamamagitan ni Cristo. At idinadalangin naming ipagkaloob Mo na sa amin ngayong umaga ang tinapay ng buhay, upang kami'y makaalis dito na may unawang naipagkaloob na sa amin ang mga kahilingang ito na aming hiniling.

34 Pagpalain Mo po ang Salita, Panginoon, sa pagbasa ko rito. Walang taong may kakayahan o may kasapatang magpaliwanag ng Salita. Nakita ni Juan ang aklat sa kamay Niyaong nakaupo sa trono, at walang sinuman sa langit, o sa lupa, o sa ilalim ng lupa na karapat-dapat na tumingin man lamang sa aklat. Ngunit isa sa mga matatanda ay nagsabi, "Narito, ang Leon mula sa lipi ni Juda ay nagtagumpay." Lumingon si Juan upang makita ang isang leon, ang nakita niya ay isang Corderong pinaslang, isang duguang Cordero ang lumabas at kumuha sa aklat, umakyat Siya sa trono at umupo. At kinuha ng lahat ng kilalang tao sa langit ang kanilang mga korona at yumukod sila dahil alam nilang Siya ay karapat-dapat.

35 Panginoon, idinadalangin naming magtungo Siya sa trono ng aming mga puso ngayong umaga. Pumanik Ka at angkinin Mo ang bawat kaisipan namin, at kunin Mo ang Salita at mangusap Ka sa amin upang higit namin Siyang

Moises. Nakita namin iyon sa kalagitnaan ng Biblia nang si Pablo ay nasa daan patungong Damasco. Nakikita namin ito. Ngayon, ito'y muli naming nakikita sa huling panahong ito. Ang tatlo ay isang kumpirmasyon. Ito ang mensahe sa bawat pagkakataon.

216 Diyos, huwag nawang manghawakan pa sa mga tradisyon at kredo ang mga kalalakihan at kababaihan. Bagkus lumabas nawa sila sa bagay na iyon, at ibigay na lubusan ang kanilang buhay sa Diyos at sumampalataya; huwag magtiwala sa mga teoriya at mga bagay ng tao, kundi sa buhay na Diyos. Habang nagaganap ang kapaskuhang ito, ang sigaw pa rin ay: "Sino kaya ito? Ano ito? Patungkol saan ang lahat ng ito?" Ganun pa rin ang sinasabi ng mga relihiyosong tao. At siya pa rin ang Panginoong Jesus, na nagkatawang-tao sa Kaniyang bayan, pinapahiran ang Kaniyang Salita para sa nobya. At di nila ito maunawaan. Masyado silang nahiwalay sa Laodicea, hanggang sa di nila alam ang pinatutungkulan nito. Ngunti sinabi ng propeta, "Magliliwanag sa panahon ng gabi." Kaya ngayon, inaabangan namin ito, Panginoon. Pumarito Ka at pagpalain Mo ang bawat isa.

217 Habang nakayuko ang inyong mga ulo, at ganun din ang inyong mga puso. Naniniwala ba kayong ito ang katotohanan? Naniniwala kayo? Itaas n'yo lang ang inyong kamay, at sabihin n'yo, "Totoong naniniwala akong iyan ay katotohanan, na tayo'y nabubuhay na sa mga huling araw. Naririto na kami at naniniwala akong napilipit kami nang husto…" Nakadalo kayo sa pagtitipon nung isang araw, nang talakayin ko ang tungkol sa trigo, at uhay… Napansin n'yo ba, hindi pa ito nasusundan ng isang organisasyon. Kasa-kasama ako ng inyong pastor dito buong panahong ito, sa pasimula at pagtatapos ng taon. Karaniwang dalawa o tatlong taon lang ito'y inoorganisa na. Hindi ito nag-organisa sa pagkakataong ito. Hindi maaari. Humiwalay na ang ipa rito, ngunit wala nang natitira pang pagsulong. Ang trigo, ang ministeryo'y nagbalik na nang tulad na tulad nung pasimula. Si Jesus Cristo ito na nasa ating kalagitnaan, kaibigan. Hindi isang tao, kundi ang lalaking si Jesus Cristo na nabubuhay sa inyo, at nagnanasang maging bahagi n'yo, kayo'y maging bahagi Niya. Nais n'yo ba Siyang tanggapin sa araw na ito?

218 Mayroon ba ditong di pa nakatatanggap ng bautismo ng Espiritu Santo? Ngayon sasabihin n'yo, "Brother Branham, "Sinasabi ko sa'yo, sumigaw na ako minsan." Napakainam niyon. "Nagsalita ako sa iba't ibang wika minsan." Napakainam din niyon. Ngunit hindi pa rin 'yan ang tinutukoy ko. Paano mo nagagawang sumigaw at magsalita ng iba't ibang wika at tanggihan ang Salita? Ang ebidensya ng Espiritu Santo ay ang pagsampalataya sa Kaniyang Salita. Palaging ganun, sa bawat kapanahunan, kung matatanggap mo ang Salita. Talong-talo ng mga saserdoteng iyon si Jesus pagdating sa mga bunga ng Espiritu: mahinahon, mapayapa, at maamo, mapagpakumbaba. Samantalang Siya ay nanira ng mga iglesia, pinagsisipa ang mga iyon; at pinaghahablot ang mga tao palabas, at tinawag silang mga "ulupong sa

Mesias, ayon na ayon sa sinabi ng Kasulatan, "Siya ay papasok sa syudad na nakasakay sa isang batang asno. Maamo at mapagpakumbaba, nakasakay sa batang asno, sa pagpasok Niya sa syudad, upang ang Kasulatan ay matupad." At heto na naman ang mga tao sa isang banal na kapistahan, tulad ni Balaam, sa isang banal na kapistahan, na nagsasabing, "Sino kaya ito?"

210 At sa araw na ito, ang mga Kasulatang ipinangako para sa oras na ito, mga kaibigan, ay natutupad sa ating kalagitnaan, oras-oras. Sino ito sa palagay n'yo? Pag-aralan natin ito sa pagyuko natin.

211 Mahal na Diyos, nag-iisip kaming lahat ng buong kaseryosohan, buong kataimtiman, sapagkat dapat namin itong gawin. Nasa mga kamay na namin ito, Panginoon. Nakikita Ka namin, ang dakilang Hari. Nakikita namin ang ipinangako Mong Salita. Maraming taon na namin itong hinihintay na dumating, sa kinabubuhayan namin panahon. Nakikita namin ang pinahiran Mong Salita na nasa Iyong bayan, na namumuhay nito, ayon na ayon sa sinabi Mong magaganap. Nakikita rin namin ang grupo ni Satanas na naroroon at pinahiran din. At inihalimbawa namin iyon sa buong bansa, sa kabuuan ng Salita, nang sa ganun ay walang isa mang batong di nalantad. Hindi ko kilala kung sino ang Iyong itinalaga sa buhay, Panginoon. Hindi ko tungkuling alamin iyon, tungkulin Mo po iyon. Ngunit tungkulin kong iusog ang bawat bato. Tulungan Mo po ako, Diyos, tulungan Mo po ang iba pang mga taong naniniwala dito. Iusog Mo po ang bawat bato, Panginoon, upang walang sinumang itinalaga Mo na di makaririnig nito.

212 Nais naming makita ang iyong pagdating, sa henerasyon namin, Panginoon. Sumasampalataya kami. Sumasampalataya kaming may isa na namang Palm Friday; ang Good Friday at Palm Friday ay nagaganap na. Isang pagkapako sa krus para sa Iyong Iglesia, ngunit tagumpay namin ang Iyong pagpasok.

213 Idinadalangin namin, Diyos, na pagpalain Mo, sa araw na ito, ang Iyong bayan. Pagpalain Mo ang munting iglesiang ito. Pagpalain Mo ang mahal na pastor na ito at ang anak niyang naririto, sina Brother Outlaw at ang kaniyang anak; sina Jimmy Sr. at Jr. pagpalain Mo ang bawat isang naririto.

214 Diyos, nawa'y di lang kami basta pumunta rito ngayong umaga… Nawa ako'y… Di ako nagmaneho mula sa Tucson para lang… Kung nagkaroon ako ng pribilehiyong mangusap sa mga tao, Panginoon, hindi ito upang luwalhatiin ang anumang bagay kundi ang personang ito, na tinatanong ng mga tao kung sino siya. Alam nilang di ito kayang gawin ng tao. Alam nilang lampas sa tao na makaalam ng mga bagay na ito. Ngunit ang sabi ng mga tao, "Sino kaya ito?"

215 Panginoon, alam naming Ikaw ito. Si Jesus Cristo ito sa persona ng Espiritu Santo. Siya ang Espiritu Santo. "Nanggaling Ako sa Diyos. Magtutungo Ako sa Diyos." At nakikita namin ang dakilang haliging apoy sa aming kalagitnaan, Panginoon. Tulad nila sa unang bahagi ng Biblia kasama si

makilala at ang Kaniyang plano sa aming mga buhay. Hinihiling namin ito sa ngalan ni Jesus. Amen.

36 Ngayon, kung nais n'yong buklatin ang Biblia sa… Ang kasulatan ay masusumpungan sa San Mateo 21, simula sa… palagay ko'y babasahin natin ang ika-10 at ika-11 talata ng ika-21 kabanata ng Mateo. Makabubuti, pag-uwi n'yo, kung di n'yo pa ito nagagawa sa kapaskuhang ito, kung babasahin n'yo ang buong kapitulong ito. Napakaganda nito. Ang kabuuan nito ay maganda. Lalo na para sa panahong ito, at sa mensaheng inaasahan kong ipahahatid sa akin ng Espiritu Santo sa inyo ngayong umaga.

37 Pansinin n'yo ang ika-10 talata sa ating pagbasa, at ang ika-11 talata:

> *At nang pumasok si Jesus sa Jerusalem, ay nagkagulo ang buong bayan, na nagsasabi, Sino kaya ito?*
>
> *At sinabi ng mga karamihan, Ito'y ang propeta, Jesus, na taga Nazaret ng Galilea.*

Ngayon iyan ay… Idagdag nawa ng Diyos sa Kaniyang Salita ang konteksto ng nabasang Kasulatang ito.

38 Ngayon alam natin ang panahong iyon, at marami sa inyo ang pamilyar sa kasulatan ng partikular na kabanatang ito. Ito'y nung araw na pumasok si Jesus sa Jerusalem, na nakasakay sa munting asno. At tayo'y… Mayroong alamat na nagsasabing iyon daw ay "isang munting puting asno." Naiisip ko, nagpapaaninaw ito sa Kaniyang ikalawang pagdating na nakasakay sa isang kabayo. Nung pagkakataong iyon, ang sabi ng propeta, "Siya ay sasakay sa… Ang inyong Hari ay dumarating sa inyo na nakasakay sa isang batang asno na anak ng babaeng asno, at siya ay mapagpakumbaba at maamo." Ganun Siya dumating at… nakasakay sa isang maliit na asno, at mapagpakumbaba at maamo, isang munting tagapasan ng kabigatan. Ngunit sa susunod na dumating Siya mula sa kaluwalhatian (sa ika-19 na kabanata ng Apocalipsis), Siya ay darating bilang isang makapangyarihang manlulupig. Ang damit Niya'y isinawsaw sa dugo, nakasakay sa isang kabayong puti, at ang buong hukbo ng langit ay nakasunod sa Kaniya na nakasakay sa mga kabayong puti. At ang alamat (hindi ayon sa kasulatan o sa kasaysayan)… Ngunit ang alamat ay naniniwalang Siya ay nakasakay sa isang maliit na asnong puti sa pagpasok Niya sa Jerusalem.

39 Ngayon at napili ko ito… ito pa rin ay… dahil tayo'y nasa anino pa rin ng kapaskuhan, at ng Bagong Taon; ang pagtatapos ng isang lumang taon, at ang pagpasok ng bago. Ilang araw mula ngayon, maraming taong magbubuklat ng mga bagong pahina at magsisigawa ng mga bagong bagay at muling mangangako; at ito'y pasimula ng isang Bagong Taon. At tila hindi ito masyadong naging parang pasko sa akin. Di ko alam kung bakit, palagi kong gustong tawagin itong Araw ni *Santa Claus*. Kita n'yo? Sapagkat wala naman talagang masyadong…

40 Hindi iyon maaaring maging kaaarawan ni Cristo. Talagang hindi. Malamang ipinanganak Siya ng Masro o Abril sapagkat Siya ang Cordero. At Siya ay isang lalaking tupa at isinilang sa ilalim ng tanda ng lalaking tupa, Aries. Kailangan talaga, nakikita n'yo. At ang mga tupa ay di naman isinisilang ng Disyembre. Ang mga tupa ay isinisilang sa Tagsibol. At isa pa, ang mga burol ng Judea sa panahong ito, ay nakukulapulan ng dalawampung piye ng niebe. Paaanong makaparoroon ang mga pastol?

41 Makatuwid ito ay galing sa mitolohiya ng Roma, at walang iba kundi ang kaarawan ng *sun-god*. Sa pagdaan ng haring Araw, pinahahaba nito ang mga araw, at pinaiiksi naman ang mga gabi. At ang kaarawan ng *sun-god* ay nasa pagitan ng ika-20 at ika-25 ng Disyembre, sa mitolohiya ng Roma. At ang mga diyos nila… At doon nila pinagdiriwang ang kaarawan ng *sun-god*. At nang buuin ni Constantine ang konstitusyon ng iglesia at estado at iba pa, ang sabi niya, "Babaguhin natin ito [dahil di alam kung anong araw iyon] at ilalagay natin sa kaarawan ng *sun-god*, at gagawin nating: kaarawan ng Anak ng Diyos," kita n'yo. At… ngunit di natin alam kung anong araw ba iyon.

42 Ngunit ngayon, napakarami na nilang inalis na patungkol kay Cristo, hanggang sa ang lahat ay… ang ilan ay muling nagbalik sa alamat ng isang nabuhay na nilalang na nagngangalang St. Nicholas o Kris Kringle, na isang alamat ng Aleman. At lahat ng ito'y isang alamat lamang, at wala si Cristo sa lahat ng ito sa anumang paraan.

43 At ang mga tao ay bumaling sa pamimili ng alak, at pagsusugal, at pananamit. Ang isang negosyanteng makapagbebenta ng kaniyang mga paninda sa kapaskuhan ay maaari nang mabuhay ng halos buong taon, kita n'yo. Napakalaking bakasyon nito, at panahon ng komersyo. At nasa lansangan ang mga pobreng bata; di kaya ng mga magulang nila na bigyan sila ng regalong galing kay Santa Claus, at palakad-lakad sila sa lansangan na may maruruming kamay at namumulang mga mata. Sadyang namumuhi ako sa pagsapit nito. Dapat maging isa itong taimtim na araw ng pagsamba sa Diyos, sa halip ng sakit ng kalooban at ulo at iba pang mga bagay na isinasagawa. Walang kinalaman 'yan kay Cristo. Ngunit tayo'y nasa kalagitnaan na nito ngayon.

44 Nasumpungan natin ang ating mga sarili, tulad nila noon. Kita n'yo, papasok na sila ngayon sa isang dakilang kapistahan. Si Jesus ay papunta na sa pista ng Paskua. At nakapasok na Siya sa Jerusalem… o papasok na sa Jerusalem. At ang mga propesiya tungkol sa lahat ng gagawin Niya ay kailangang matupad. Lahat ng nasa Biblia ay mayroong kahulugan. Bawat pangalan ay may kahulugan. Walang anumang nailagay sa Kasulatan na walang malalim na kahulugan.

45 Nangusap ako nung isang gabi sa Tucson, tungkol sa Bakit Kailangang Maging Mga Pastol Sa Halip Na Teologo? Isinilang Siya sa harapan ng iglesia. At ang Espiritu Santo ay nagpunta pa sa ilang at pumili, hindi ng mga

panatiko ang nagkakatipon du'n sa lagusan."

203 Ang sabi naman nung isa, "Iniisip ko kung anong gagawin Niya pagpunta Niya rito. Alam n'yo, talagang naniniwala akong isa siyang mamemeke. Mayroon siyang anting-anting na kinikiskis sa kaniyang tainga, alam n'yo na, o anumang tulad niyan."

204 At tulad ng sinasabi nila sa araw na ito, "Oh, isang uri 'yan ng pagbasa ng isip. Ito'y isang bagay na…" Kaya nila itong ipaliwanag nang husto.

205 Ang sabi naman ng isa pa, "Diablo 'yun. manatili kayo sa bandang ito ng syudad. Huwag kayong magkaron ng anumang kinalaman du'n. Huwag kayong makipagtulungan sa pagtitipon na iyon. Huwag kayong pupunta ro'n, kita n'yo. Di tayo magkakaroon ng anumang kinalaman du'n." Tatlong klase ng mga tao.

206 Ngayon masdan n'yo. Heto na Siya't nakasakay sa asno sa pagpasok Niya sa syudad. Eksaktong eksakto sa sinabi ng Salita. Nakasakay sa munting asno, sa pagpasok Niya sa syudad. Ang mga di nakatingin sa kredo, hindi nakatingin sa templo, di nakatingin sa lahat ng iba pang mga bagay na ito, hindi nakatingin sa mga saserdote, sa kung anong masasabi nila. Naghihitay lang sila sa unang kilos. Hindi mo sila narinig na nagsabi, "Sino kaya itong dumarating?" At 'yung isang klase naman, makikita n'yo ba sila sa syudad? At nang marinig nila ang ingay na ito: "Hosana sa Hari. Hosana sa Haring dumarating sa pangalan ng Panginoon. Hosana! Hosana!" At ang lahat ng sigawan…

207 Nagtakbuhan sa labas ang mga saserdote upang malaman kung tungkol sa ano ba ang kaguluhang ito. At ang mga tao ay nagsabi, "Sino kaya ito?" Bakit sila naririto, mga kaibigan? Para sa isang banal na kapistahan! Ang Diyos na nagpatalaga sa kanila ng kapistahang ito ay nagsabi sa kanilang mapaparoon Siya nang ganun, pagkatapos sumigaw sila ng, "Sino kaya ito?"

208 Hindi pa nagbabago ang panahon. Pareho pa rin ang pagkakayari sa mga tao gaya ng panahong iyon. Ang sabi ng Hebreo 13:8, "Siya'y pareho pa rin kahapon, ngayon, at magpakailan man." Ngayon ay magtatapos ako sa pagsasabi nito: Hindi na sa kanila ang tanong ngayon. Nagtanong sila, "Sino kaya ito?" Ngunit ngayong 1964, ang tanong ay: "Sino 'ka n'yo ito?" Tungkol saan ba ang lahat ng ito? Huminto na ba kayo upang saliksikin ang mga Kasulatan? Sino ba ito sa palagay n'yo? Ito ba ay pagbasa ng isip? Ito ba'y isang mabangis na bagay na galing sa ilang, tulad ng sabi nila, "Si Juan ay isang lalaking mabangis, nanglulunod dun ng mga tao." Samantalang sinabi ni Isaias na darating siya, ang tagapaghanda ng daan. Sinabi ni Malakias na darating siya nang ganung-ganun. Ang sabi ng mga propeta, "Ang propetang ito ay lilitaw upang maghanda ng daan." At heto na siya.

209 Ang sabi nila, "Mabangis na tao 'yan. Iwasan n'yo siya. Kita n'yo? Huwag kayong magkaron ng kinalaman sa kaniya." At heto naman ang

192 Ang sabi ng ilan sa kanila, "Siya'y isang mabuting tao. Oh, walang anumang mali sa Kaniya. Tulad ni Napoleon, ni Washington, siya ay isang mabuting tao. Ngunit, oh, bilang isang guro, hindi, hindi."

193 Ang sabi ng iba sa kanila, "Oh, Siya'y isang mabuting tao. Oh, litung-lito lang siya. Mabuti Siyang lalaki. Walang maaaring magsabi ng anumang bagay na masama tungkol sa Kaniya."

194 Ang sabi naman ng iba, "Hindi, diablo Siya. Masasabi ko sa inyo na nagbabasa Siya ng isip at lahat na ng iba pang bagay na ito, at bulaan ang kaniyang panghuhula. Kontra iyon sa ating kredo. Huwag kayong maniniwala sa ganiyang bagay."

195 At yung isa naman ay nagsabi, "Luwalhati sa Diyos, ang Diyos ito. Kilala ko Siya. Ngayon, kita n'yo." At naghihintay sila. Ngayon ganiyan din ang ating katayuan sa araw na ito, ganiyang-ganiyan din: ang pinahirang Salita para sa panahong ito; ang kapanahunan ng iglesiang Laodicea.

196 Ngayon, magtatapos tayo sa pagsasabi nito, sandali. Tatlong klase ang naghintay sa Kaniya. Ganun din sa araw na ito, tama, tatlo. Pansinin n'yo, ang mga mananampalataya ay nagsisigawan. Kita n'yo, kita n'yo? Dahil sa Kaniyang ministeryo inibig Siya ng ilan, kinamuhian ng ilan, at pinagtakhan ng iba pa, kita n'yo. Ang Kaniyang ministeryo… Hayaan n'yong sipiin ko 'yon ulit. Ang minsiteryo Niya, anuman iyon…Alam na natin ngayon, na iyon ay ang Salita. Ngunit ang Kaniyag ministeryo ay nagbunsod sa ilang mga tao na mahalin Siya. Nakatalaga silang gawin iyon. Kita n'yo, sinampalatayanan nila iyon. Nakita nila iyon. Wala nang… Nang lumapit dun si Nathaniel, at sinabi Niya sa kaniya ang ginawa niya, aniya, "Rabi, Ikaw ang Anak ng Diyos. Ikaw ang Hari ng Israel, walang tanong sa aking isip."

197 Nakatayo ro'n si Simon, aniya, "Oh, Andres, hindi ako pupunta ro'n. Narinig ko na lahat ng mga bagay na iyon dati."

198 Ngunit Andres, kailangan mong pumunta. Kailangan mong pumunta, sumama ka sa akin kahit minsan lang."

199 At habang nakaupo siya ro'n, nakita siya ni Jesus na dumarating, alam n'yo na, papalapit. Ang sabi Niya, "Ang pangalan mo'y Simon. Ika'y anak ni Jona." Walang nang katanungan pa. Kita n'yo, iyon lang yun. Nandun sila. Sinampalatayanan nila iyon. Nakita nila iyon. Alam nilang iyon ang dapat na ginagawa ng Mesias pag dumating Siya.

200 Dapat Siyang maging isang propeta, sapagkat sinabi ni Moises, "Siya ay magiging isang propeta." At ang mga nag-aalinlangang iyon ay apat na raang taon nang walang propeta. Kinakailangan ang isang propeta upang ito'y maituwid, tuwina sa bawat kapanahunan. At hayun Siya nakatayo ro'n.

201 Wala nang tanong sa kanila. Naghihintay sila ro'n hawak ang mga palma, "Dadaan na Siya pagkatapos ng ilang sandali." Naghihintay!

202 Ang buong syudad ay tensyonado. Ang sabi nila, "Isang bungkos ng mga

teologo, kundi ng mga pastol. Kinakailangang maging ganun. Hindi paniniwalaan ng mga teologo ang ganung mensahe. Kaya't sila'y… kailangang maging mga pastol sila.

46 Nangaral ako rito, ilang taon na ang nakakaraan (dalawang taon na ang nakalilipas), "Bakit Ang Munting Bethlehem?" Kung loloobin ng Panginoon, sa susunod na Pasko, nais kong mangaral tayo tungkol sa, "Bakit Kailangang Maging Mga Lalaking Pantas?" Ang mga "Bakit" na ito ay may mga kasagutan dito mismo sa Biblia. At tayo'y nabubuhay sa isang kamangha-manghang panahon, sa pinakadakilang panahon sa lahat. Nabubuhay tayo patungo sa panahong anumang oras ay… maaaring tumigil na ang oras at ang walang hanggan ay lumahok na dito at magpatuloy. Ang kapanahunang pinakaaabangan ng lahat ng mga propeta at mga taong paham… Dapat tayong magbantay at magmatiyag sa Kaniyang pagdating bawat oras.

47 Gayun man nasumpungan natin ang ating mga sarili, sa Kapaskuhang ito, tulad din nila nung unang Kapaskuhan. Ang sanlibutan ay napipinto nang mawasak. Tulad ng ipinangaral ko minsan, sa isang lugar, tungkol sa isang mensaheng pangpasko. Ang Sanlibutan Ay Nawawasak Na. At ang sanlibutan ay muli na namang nangingilid na mawasak. Tignan n'yo ang mga lindol dito sa California. Itinataya ko, bago dumating ang Panginoong Jesus, na palulubugin ng Diyos ang lugar na iyon. Naniniwala akong palulubugin ng Diyos na Makapangyarihan sa lahat ang Hollywood at Los Angeles, at ang maruruming mga lugar na naroroon. Sila'y mapapasa ilalim ng dagat. At napakaraming kasalanan, kita n'yo, ang pasan-pasan nito.

48 Ang sibilisasyon ay umusad na kasabay ng araw, mula sa… nagsimula ito sa silangan papunta sa kanluran. At ngayon nasa West Coast na ito. Kung magpapatuloy pa ito, magbabalik na muli ito sa Silangan. Kaya't iyon ang nagdadala. At ang kasalanan ay umusad kasabay ng sibilisasyon, at ito ay naging tapunan ng basura ng lahat ng mga kapanahunan. Gumagawa sila ng mga bagay na hindi maiisip ng mga tao sa alin mang ibang kapanahunan. Sinira na ng mga kababaihan ang kanilang sarili tungo sa ganitong karumihan, hanggang sa gumagawa na tayo sa araw na ito ng mga bagay na di pag-iispang gawin ng sinumang babae sa alin mang panahon. At pagkatapos ay tinatawag pa rin natin ang mga sarili nating mga Cristiano. Kahiya-hiya!

49 Di kataka-taka na nagbangon ang dakilang propeta at nagsabing, "Hindi ako propeta o anak man ng propeta, ngunit…" Aniya: Ang leon ay umungal, sinong di matatakot? At ang Diyos ay nagsalita, sinong makapipigil na maghula? (Kita n'yo, kinakailangang may manawagan.)

50 Tayo'y nasa isang kritikal na oras; ang mundo. Ngunit ang iglesia, ang tunay na iglesia (hindi ang denominasyon); ang iglesia, mismo, ay handa na para sa pinakadakilang tagumpay na dadanasin nito: ang pagdating ng kasintahang lalaki sa nobya.

51 Nawawasak na tayo, nag-aabang ng isang mesias, ng isang bagay na darating at magliligtas sa atin, upang itakas tayo sa lahat ng ito. Tinitignan natin… ang mga kaguluhan sa silangan. Tinitignan natin ang mga paghihimagsik sa Africa, at ang mga problemang may kinalaman sa lahi, at ang mga integrasyon, at mga segregasyon. At nagtalo-talo tayo at nagsigawan dito di pa katagalan (ang mga kaibigan nating negro) tungkol sa, "Kailangang magkaroon tayo ng integrasyon. Iyon ang kailangang natin. Dapat magkaroon tayo ng integrasyon; ang bawat tao'y pantay-pantay; ang bawat tao'y yumuyukod…" Ayos na ayos 'yan. Ayos na ayos 'yan. Di ako naniniwala sa pang-aalipin. Unang-una hindi naman mga alipin ang mga taong iyon. Hindi sila mga alipin.

52 Ang Diyos ay naniniwala sa paghihiwalay. Ganun din ako. Sinumang Cristiano ay ganun din. Binubukod ng Diyos ang Kaniyang bayan sa iba. Noon pa man ay mayroon nang segregasyon. Humirang Siya ng isang bansa. Pumipili Siya ng isang bayan. Siya ay naniniwala sa paghihiwalay. Siya ang gumawa ng lahat ng bansa. Ngunit ganunpaman, ang isang tunay na Cristiano ay dapat na maniwala sa segregasyon. Ibinubukod niya ang kaniyang sarili sa mga bagay ng sanlibutan at lahat na, at nauuwi sa iisang layunin lamang, si Jesus Cristo.

53 Ngunit isinisigaw nila iyon. Sinikap kong sabihin sa kanila, "Hindi 'yan ang magliligtas sa ating bansa. Iyan ay isa lamang pakanang pulitikal. Galing 'yan sa kumunista." Sa palagay ko'y pangungunahan ni Martin Luther King ang kaniyang mga tagasunod sa pinakamalaking pamamaslang, at masaker, na kanilang mararanasan buong buhay nila. At sila'y… Nakikita n'yo na, hindi niyan mapagbubuklod ang buong mundo. Hindi iyan magliligtas sa atin. Binigyan natin sila ng integrasyon. Ngayon mas malala ito kaysa dati. Kita n'yo, hindi ito… hindi iyon ang katanungan. Isang bagay lang ang makagagawa nito: iyon ay ang Diyos. At tunay ngang ayaw nila nito.

54 Ayaw nila sa Kaniya noon. Sila ay nagkawatak-watak, at ganun din ang kanilang pulitika, ang kanilang mga bansa, ang kanilang iglesia, at sila'y umiiyak para sa isang mesias. Hinangad nila Siya. "Oh, isugo Mo sa amin ang mesias." Ngunit nang dumating Siya…

55 Ibinigay ng Diyos… tumutugon Siya sa inyong panalangin. Kayo ay humingi, at kayo ay tatanggap. At iyon ay… maaari akong tumigil dito sa loob ng maraming oras, tungkol sa kalalakihan at kababaihan, maging mga Cristiano, na nananalangin para sa isang bagay; at tumutugon ang Diyos ngunit di nila nakikilala.

56 At ngayon, tinugon sila ng Diyos. Naghihintay sila ng isang mesias. Alam nilang nagkaroon na sila ng mga Cesar, at mga David, at mga Solomon (mga taong pantas), nagkaroon sila ng mga David (ang mga makapangyarihang mandirigma), nagakaroon na sila ng lahat ng klase, ngunit alam nilang kailangan nilang makatanggap ng tulong mula sa langit at sila'y… Nangako

segregationalist at ibinukod Niya ang bayang iyon, at di sila dapat magkaroon ng kinalaman sa anumang ibang bansa, makipag-asawa sa kaninuman sa kanila. At ang isang tunay at totoong iglesia at nobya ni Cristo, ay nakipag-isa na kay Cristo na walang iba kundi ang Salita. At di kayo nakikipagkasal sa alin mang organisasyon, alin mang denominasyon. Ganap kayong nananatili kay Cristo at sa Salitang iyon, bilang isang indibiduwal. Ang gawin ang ganun ay eternal na pagkahiwalay sa Diyos. Umaasa akong nakukuha ito ng bawat isa.

187 Ngayon, sa ating teksto, malapit na ang pista ng Paskua; paparating na iyon. Napakahirap na panahon nu'n. Natutulog ang mga tao sa labas ng pintuang bayan. Sa tuwing darating ang Paskua ay nagkakaganun. Nasa labas sila, nakahiga sa lupa. Puno ang mga tuluyan at lahat na. Paskua kasi. Mayroong malalaking inaasahan du'n. Ang paligid ay punong-puno. Ngayon matatapos na ako sa loob ng limang minuto, kung loloobin ng Panginoon, o kaya'y sampu. Ang bawat isa ay masiglang masigla.

188 Tignan n'yo, mayroong tatlong klase ng tao ro'n. Kita n'yo, mayroon silang malaking inaasahan. Alam nilang ang kakatwang lalaking ito ay darating sa kapistahang ito. Ang ilan sa kanila ay nagmamahal sa Kaniya; naniniwala sila sa Kaniya. Ang ilang sa kanila ay namumuhi sa Kaniya; karamihan sa kanila ay namumuhi sa Kaniya. At dahil may nagmamahal sa Kaniya at may namumuhi sa Kaniya, di malaman nung nasa gitna kung anong dapat gawin. Hindi nila alam. Pansinin n'yo, puno ng mga ekspektasyon ang paligid. May isang nagsasabi, "Pagsampa Niya ro'n, sinasabi ko sa inyo tatawagin natin Siya… Bibigyan natin Siya ng pagsubok sa pamamagita ng Salita. Patatayuin natin Siya sa tabi ng mga punong saserdote. Tignan natin kung anong iuubra ng Kaniyang dunong laban kay Caifas'." Napatunayan na Niya iyon, kita n'yo.

189 Ngunit ito ang gagawin natin: Titignan natin… Alam kong mahahawakan Siya ng ilan sa mga dakilang pinuno. Naku, babaligtarin nila ang lalaking iyon. Ipapaalam nila sa Kaniya kung ano Siya, kapag nakipagtalo ka sa mga saserdote natin. Naku, alam nila kung anong ginagawa nila. Matatalinong tao sila. Alam nila kung anong ginagawa nila.

190 Ang sabi naman ng iba, "Iniisip ko kung ano naman kaya ang gagawin nila sa lalaking iyon."

191 Ang sabi naman ng iba, "Oh, hinihintay ko siyang dumating. Sumasakaniya ang Diyos. Siya ang Salitang iyon. Oh, sadyang gusto ko Siyang makita," Kita n'yo. Oh, nagkahati-hati sila. Ngayon, kita n'yo, ang mga nakakilala sa Kaniya at sumampalataya sa Kaniya, alam nila kung saang lagusan dapat maghintay, kita n'yo. Alam nila kung saang daan Siya darating. May mga dakilang ekspektasyon, ngunit alam n'yo, hindi marami ang nakakita sa Kaniya. Kita n'yo, marami ang di nakakita sa Kaniya. Ganun din sa araw na ito.

mga dakilang pundamental na Kasulatang ito ay…

179 Lumapit sa akin ang isang tao nung isang gabi upang ipakita sa akin kung saan ako nagkamali, nangungusap siya tungkol sa trinity. Mayroon akong libu-libong mga kaibigang Trinitarian. Sila'y nasa Babilonyang iyon. Marami rin akong mga kaibigang Oneness sa Babilonyang iyon, kita n'yo. Ngunit anong nangyari? Ang sabi niya, "Terminolohiya lang 'yun, Brother Branham. Naniniwala ka sa trinity."

180 Ang sabi ko, "Tiyak nga." Ang sabi ko, "Tatanggapin ko ang iyong salita: terminolohiya." Ang sabi ko, "Paano mo iyon pinaniniwalaan?"

Ang sabi niya, "Naniniwala ako sa isang Diyos."

Ang sabi ko, "Ayos ka," kita n'yo.

Ang sabi niya, "Naniniwala akong mayroong isang Diyos, at tatlong persona sa Pagkadiyos."

Ang sabi ko, "Di ba't estudyante ka ng Biola?"

Sabi niya, "Oo."

181 Ang sabi ko, "Para ngang ganun." Ang sabi ko, "Di iyan nangungusap ng mabuti para sa iyong edukasyon." Ang sabi ko pa, "Tatlong persona sa isang Diyos?" Sabi ko, "Ayon kay Webster, kailangan ang personalidad para maging isang persona. Naniniwala ka sa tatlong persona, Ginoo." Hindi ka maaaring maging isang persona nang walang personalidad, dahil kailangan ang personalidad upang maging isang persona.

182 Kaya sinasabi nila… ang sabi niya, "Buweno, G. Branham, alam mo, kahit ang mga teologo ay di maipaliwanag 'yan."

183 Ang sabi ko, "Tamang tama nga 'yan. Ang Salita ay di dumarating sa isang teologo." Ang sabi ko, "Ang Biblia ay nakatali sa kapahayagan, 'Sa ibabaw ng batong ito, itatayo ko ang Aking iglesia, at ang mga pintuan ng hades ay di makapananaig laban dito,'" kita n'yo. Amen, hayan, kita n'yo. Ngunit pagdating sa mga bagay na iyon… Ay, naku!

184 Ngayon nais nating magmadali at magtapos na kaagad kung magagawa natin. Kailangan kong lampasan ang ilan sa mga kasulatan at talang ito, kita n'yo. Ngayon, pansinin n'yo, di sila napatawad sa kanilang ginawa. Anong ginawa nila? Nasiyahan sila sa mga pagpapala. Huwag n'yong kalimutan yun. Uulitin ko. Hindi sila kailan man napatawad du'n. Alalahanin n'yo, ang mga tape na ito ay nakakarating sa buong mundo; naisasalin sa iba't ibang wika; at sa iba't ibang kampo, sa iba't ibang lugar. Ang kasalanang iyon ay di napatawad kailan man. Ano?

185 Sasabihin n'yo, "Buweno, purihin ang Diyos, ginawa ko 'to. Nagawa ko 'to. Nakakain ako ng makalangit na mana.

186 Siya nga, ganun din sila. At ang sabi ni Jesus, "Sila'y, bawat isa sa kanila'y namatay." Ngunit pagdating sa eksaktong mensahe, kung saan ay di nila dapat sinisira ang tipan sa ibang bansa… Ang Diyos ay isang

ang Diyos sa kanila ng isang mesias. At isinugo Niya sa kanila ang mesias na iyon, bilang tugon sa kanilang panalangin, ngunit ayaw nila sa Kaniya.

57 Iniisip ko, sa araw na ito, kung ang panalangin natin… Naririnig n'yong sinasabi nila, "Manalangin tayo para sa isang dakilang revival. Ipanalangin natin ang ganito. Manalangin tayo para sa isang pambihirang tagumpay. Manalangin tayo para sa pagkakaisa." Iniisip ko, kung magsusugo ang Diyos ng ganiyang programa, tanggapin kaya natin. Iniisip ko lang kung tatanggapin natin kung anong isusugo Niya sa atin. Nakikita n'yo, Siya'y… Ang dahilan kung bakit nananalangin tayo para sa mga bagay na ito… sapagkat alam nating kinakailangan ito. Ngunit kapag isinugo ito ng Diyos sa paraang nais Niya, hindi naman ito ayon sa ating panlasa, kung kaya't ayaw nating tanggapin. At ganiyan din nung araw na iyon. Kapag wala Siya sa panlasa ng kanilang paniniwala, at kanilang… Hindi nila Siya muling tatanggapin sa araw na ito. Iyan ang dahilan kaya tinanong nila ang katanungang ito, "Sino kaya ito? Sino ang lalaking ito na dumarating?" Kita n'yo, malubhang panahon iyon. Oh, ang bawat isa ay… tensyonado. Mayroong napipintong mangyari.

58 At tignan n'yo ang sanlibutan sa araw na ito, kung anong tensyon ang kinabubuhayan ng mundong ito. Maglakad ka sa lansangan… ni hindi na ligtas na magmaneho. Hindi na ligtas na bumiyahe sa apat na linyang highway. Ang bawat isa'y tensyonado, nabubugnot at… Anong problema? Pumayapa kayo. Saan kayo pupunta? Iyan ang pumupuno sa mga institusyon ng mga baliw. Iyan ang dahilan kaya nasadlak ang iglesia sa ganitong kaguluhan. Gusto nilang gawin ang ilang bagay kahit anong mangyari. Ayaw nilang huminto at isaalang-alang ang Salita ng Diyos, at ang oras na kinabubuhayan natin; ang lahat ay nahihirapan at tensyonado.

59 At ngayon, alam natin ito. Batid natin. Kadadaan lamang ng mundo sa ilang matitinding kirot ng panganganak. At ang iglesia ay dumadaan sa ilang kirot ng panganganak. Kailangan nitong dumaan sa mga kirot ng panganganak bago ito makapangak… Bawat propeta, nang dumating sila sa mundo, ay nagmistulang kirot ng panganganak sa iglesia. Dumaan ang mundo sa Unang Digmaang Pandaigdig, Ikalawang Digmaang Pandaigdig, at ngayon ay nakahanda na sa Ikatlong Digmaang Pandaigdig. At ito'y dumaranas na naman ng kirot ng panganganak. Ngunit isang bagay lamang ang maaaring makapaghatid ng kapayapaan, at iyon ay si Cristo.

60 Lahat ng ating mga pakana, at ating mga ideya, at mga pagpapalakas ng iglesia, at lahat ng ating pulitika, at siyensiya at iba pa ay napatunayang walang saysay. Pagkatapos ay dumadalangin tayong tulungan tayo ng Diyos, na mamagitan Siya, "Pumarito Ka at gumawa Ka ng isang bagay para sa amin." At pagka ginawa Niya, iniisip ko lang kung mauunawaan natin; kung matatanggap natin; o pag-isipan man lang?

61 Ngayon, iyan ang ginawa nung mga araw na iyon. Nanalangin sila, nagkaroon sila ng lahat ng uri ng dakilang mga pinuno, napasailalim sila sa

mga gobyerno, sa mga paghahari, napasailalim sila sa lahat ng iba, sa mga hukom. Ngunit alam nilang iisa lamang ang maaaring makapagligtas sa kanila, iyon ay ang paparating na Mesias. At ang Mesias ay nangngahulugang "ang pinahiran." Isang taong pinahiran. At isang taong pinahiran ng Salita. Ang Salitang naging laman sa ating kalagitnaan. At nang dumating Siya, wala Siya sa eksaktong panlasang ninais nila sa Kaniya; hindi ayon sa kanilang panlasa… kung saan dapat ay dumating Siya. Kaya't sumigaw sila, "Sino kaya ang lalaking ito? Ano itong kaguluhang ito?" Mayroong lupon ng mga magsasakang naroroon sa lagusan, na nagsisikuha ng mga palma at…

62 At ang sabi niya, "Aba'y, patahimihin n'yo sila. Pinaninerbiyos nila tayo, sa pagsigaw nila, paghiyaw, at pagwawala."

63 Ang sabi Niya, "Kung tatahimik sila, biglang magsisigawan ang mga bato."

64 Oh, ang panahon ay nagaganap! Ang hula ay natutupad. Di kataka-taka! "Ang leon ay umuungal." Aniya, "Sino ang di matatakot? At ang Diyos ay nangusap, sinong makakaiwas sa panghuhula?"

65 "Hindi, kung wala Siya sa ating panlasa… Kung di Siya ayon sa gusto natin sa Kaniya, sa paraang inisip nating dapat dumating Siya, hindi natin Siya tatanggapin." Ang mga kredo nila noon ang naglihis sa kanila nang husto sa nasulat na Salita. Napakalayo nila, hindi nila nakilalang Siya ang ipinanalangin nilang dumating. Inilihis sila nang husto ng kanilang mga iglesia, hanggang sa ang ipinanalangin nila ay kasa-sama na nila, ngunit hindi ito ayon sa kanilang panlasa, kaya't di nila mapaniwalaan. Kinailangan nila itong layuan. Itinaboy nila ito. Iisa lang ang maaari mong gawin kapag nakatagpo mo si Cristo. Kung di mo Siya tatanggapin, tatanggihan mo Siya. Hindi ka maaaring tumalikod ng niyutral. Di mo maaaring gawin iyon. Di mo ito dapat gawin. Ganun lang talaga.

66 Pansinin n'yo lang, kung paanong kakaunti ang nakakilala sa Kaniya bilang pinahirang Salita ng araw na iyon. Kita n'yo, ang Diyos sa pasimula pa lamang, dahil Siya ay impinit, alam na Niya ang lahat ng mga bagay sa pasimula… At ang mga bagay na ito ay pagpapakita lamang ng Kaniyang mga katangian. Ang isang katangian ay… Mayroon kayong katangian. Ito'y kaisipan n'yo. Nag-iisip kayo ng isang bagay, pagkatapos ay sinasalita n'yo, at kinukuha n'yo. Ganiyan ang Diyos. Siya, nung pasimula… Kung kayo'y… Kung mapupunta kayo sa langit, nung pasimula pa lamang ay naroroon na kayo. Kayo'y bahagi ng Diyos. Kayo'y kaisipan Niya. Alam na Niya ang inyong pangalan. At inilagay Niya ito sa aklat ng buhay ng Cordero, bago pa anyuan ang sanlibutan. Kita n'yo, kayo ay kasisipan Niya. At pagkatapos ay naging salita kayo. At ang isang salita ay isang kaisipang naihayag. At kayo ay naihayag.

67 Ganun din Siya. Siya ay nag-iisa nung pasimula. Nanahang mag-isa ang Diyos kasama ng Kaniyang mga kaisipan. Hindi na Niya muling mararanasan

dumating na ang oras. Nasaan ang lalaking iyon? Nasaan ang mga anak ni Aaron? Ang mga saserdoteng laang bumunot ng Salita ng Diyos, ang matalim na Tabak na may dalawang talim? Ang sabi niya, "Sinong tatayo para sa akin at sa Diyos?" Nasaan siya? Maaaring mag-imbita ka nang mag-imbita ngunit walang sumasagot. Kita n'yo kung anong ibig kong sabihin? Di natin iyon naiintindihan. Atin lamang… Mayroong mali. Pansinin n'yo, hayun sila… Nung panahong iyon tumayo si Moises at nagsabi ng mga bagay na ito.

174 Pansinin n'yo, ang kasalanang ginawa nila nung magtatag sila ng denominasyon kasama ng Moab at gumawa sila ng isang katawan… ang kasalanang iyon ay di pinatawad sa kanila kailan man. Magdadahan-dahan ako riyan sandali. (Gabi na, ngunit sandali lang.) Di pinatawad sa kanila ang kanilang kasalanan kailan man. Walang isa man sa kanila ang nakarating sa lupang pangako. Ang sabi ni Jesus, sa (ipagpaumanahin n'yo sandali) San Juan 6… sinabi ni Jesus sa San Juan 6, nang sabihin nila, "Nagsikain ng mana ang aming mga magulang sa ilang." Mga Pentecostal sila. Kapatid, kumain sila ng mana, taglay nila ang tunay na bagay.

175 Ang sabi ni Jesus, "At bawat is sa kanila'y namatay. Napahamak sila. Naglaho sila magpakailan man." Hindi pinatawad sa kanila ang kasalanan nila. Anong ginawa nila? Sinira nila ang tipan nila sa Diyos, at nagtatag ng organisasyon kasama si Balaam, ang upahang propeta na di nakinig sa babala ng Diyos; ayaw niyang tanggapin ang Salita ng Diyos; ayaw niyang tanggapin ang anumang galing sa Diyos. Ngunit determinado siyang pag-isahin silang lahat. Nakikita n'yo ba ang kahangalan? Maaari akong magtagal diyan nang husto, ngunit sa palagay ko'y nakuha n'yo na. Kita n'yo? Pansinin n'yo, di sila kailan man pinatawad sa kasalanan nilang iyon; walang isa man sa kanila na nabuhay sa ilalim ng mga pagpapalang iyon at kumain ng mana at lahat na.

176 Kapag ang tunay at totoong mensahe ay dumarating sa isang paghaharap, inorganisa nila ito. "Makikipagbuklod tayo sa mga Moabita. Sila'y isang dakilang organisasyon, isang dakilang bansa. Tayo'y ni hindi man lang isang bansa. Makipag-asawahan tayo sa isa't isa at mapapaigi tayo pag nagkaganun. Tayo ay makakasama nila." At di iyon pinatawad kailan man; hindi, hindi iyon ipinatawad sa kanila kailan man.

177 Ang sabi ni Jesus, "Bawat isa sa kanila ay nangamatay." Isalin mo ang salitang iyan sa Hebreo o Griego, alim man dun, o kahit na sa Ingles, ang ibig sabihin nito ay "eternal na pagkahiwalay"; naglaho na magpakailan man. Tama.

178 Ah, oo, nakita nila ang mga himala. Nakita nilang pinahiran ang Salita. Kumain sila ng manang nanggaling sa langit. Nasiyahan sila sa pagpapala ng katubusan. Nakita nilang nagbigay ng tubig ang hinampas na bato. Uminom sila ro'n. Naranasan nila iyon nang personal. Ngunit pagdating sa pagpuputol-putol ng Salita… Huwag na huwag n'yong kalilimutan 'yan! Nang sabihin ni Jesus, "Ako at ang Ama ay iisa," hindi tatlo ang sabi ro'n. Nang ang lahat ng

Kapareho din noon. Hindi kinailangan ang malaki at mahabang tatlo o apat na taon upang ito'y mailabas. Sila'y… ang bulaang propeta, ang lalaking yumurak sa Salita ng Diyos… bawat babalang ipinadala sa buong bansa, na nagsabi sa kanila, "Lumabas kayo ro'n! Lumabas kayo ro'n! Lumabas kayo ro'n!" Ayaw nilang gawin. Mananatili sila ro'n.

171 Di nila pinapansin ang Salita ng Diyos, di nila pinapansin ang mga Salita, di pinapansin ang mga tanda, di pinapansin ang mga bagay na kinaroroonan natin. Nagpapatuloy sila, "Tatanggapin pa rin namin yun. Pupunta pa rin kami ro'n. Kailangan naming tanggapin 'yun. Iyon lang. Iisa tayong lahat." Kita n'yo ang kahangalan ng diablo? Ganiyan din ang ginawa nila sa pista sa Nicaea, sa Nicaea, Roma. Bumuo sila ng isang organisasyon mula du'n, at iyon nga ang naganap. Si Satanas ay nagdaos ng kapistahan sa Nicaea. Ay, naku! At magmula noon… Makinig kayo, magsasabi ako rito ng isang napakalaking salita ngayon. At kayong nakikinig sa tape na nais na makipagtalo tungkol dito, makipagtalo kayo sa inyong sarili, at sa kasaysayan, at sa Biblia, kita n'yo, ngunit huwag sa akin.

172 Makinig! Sa tuwing magsusugo ang Diyos ng mensahero at nagpapasimula ng isang mensahe… At kapag ang iglesiang iyon ay humantong sa pagiging isang pistang makadenominasyon… Doon nila ' ginagawa. Doon n'yo ginawa 'yun kayong mga Assemblies. Doon n'yo ginawa 'yun kayong mga Oneness. Doon ginawa 'yun ng iba pa sa inyo, sa inyong mga pistang makadenominasyon, ibinabalik n'yo ang inyong mga sarili sa pinaka bagay na sinumpa ng Diyos sa umpisa pa lamang. 'Yan talaga ang katotohanan. Kailan man magkaroon ang iglesia ng isang revival… Sa panahon ni Luther, nang… Anong nangyari? Mga Methodist… patungo sa iba pang mga kapanahunan… Zwingli, Finley, Finney, lahat ng iba pa sa kanila, nang magkaroon sila ng revival, anong ginawa nila ro'n? Ibinalik nila ito sa pagiging isang makadenominasyong kapistahan, naanyayahan silang kasama ng iba pa sa kanila, at naglagay ng tatak tulad ng iba. Nang magkagayon mayroon na kayong isang bungkos ng taong kumukontrol sa inyo. Hindi na makapagpatuloy sa pagkilos ang Espiritu Santo. Eksakto 'yan. Pag nagsimula kayong mangaral ng isang bagay na itinuturo ng Biblia, tulad ng… at ito ay di pinaniniwalaan ng denominasyon, ipupuwera nila kayo. Subukan n'yo yun minsan at tignan n'yo kung tama ito o hindi. Makikita n'yong ito ay totoo. Kita n'yo, sa tuwing tinatawag sila sa makadenominasyong pista, sa piging na iyon ni Balaam, pumapasok ang problema. Oh, ang mga Lutheran, Wesleyan, Pentecotal, at lahat sila ay biktima nito.

173 Pansinin n'yo, nung panahong iyon (aleluia), lumantad si Moises at nagsabi, "Sinong nasa panig ko at ng Diyos?" Amen! Nung panahong iyon bumunot ng tabak ang Levita, at sinuyod ang buong kampamento at lubusang pinagpapaslang lahat ng kunektado du'n. Amen! Lahat; bawat lalaking mayroong babaeng Moabita ay pinagpapatay nilang magkakasama. Ngayon ay

iyon sapagkat ang mga kaisipan Niya ay naihahayag na. At iyon ang dahilan kaya naririto tayo, sa araw na ito… kinakasama ng Diyos ang Kaniyang mga kaisipan na naipapahayag. Kita n'yo? Hayan. Kaya nga, hindi kayo makapagdaragdag ng isang siko sa sukat ng inyong buhay. Hindi n'yo maaaring gawin ang ganito, ganiyan, o iba pa. Ang Diyos ang nahahabag. Ang Diyos iyon. "Ang lahat ng ibinigay sa Akin ng Aking Ama ay magsisilapit sa Akin, at walang sinumang makalalapit malibang dalhin siya ng Aking Ama." Tapos na.

68 Ngayon, pansinin n'yo, kung gaano kakaunti sa milyun-milyong nasa mundo nung panahon Niya ang nakaalam na Siya ay naririto na. Isipin n'yo na lang, milyung-milyong mga tao ang di nakaalam nito. At isipin n'yo na lang, mayroong dalawa't kalahating milyong mga tao noon na nasa Palestina, sa Israel, at walang isang porsyento niyon ang nakaalam nito. Hindi katakatakang sinabi Niya, "Makipot ang pintuan at makitid ang daan, at kakaunti ang makasusumpong nito." Isipin n'yo lang kung gaano karami ang di nakakilala sa Kaniya! Di nila nalaman na Siya na iyon. Samantalang nakapaligid lang sila sa kinaroroonan Niya; iyon ang kahabag-habag na parte.

69 Ang mga nakasama Niya, at nakakita sa Kaniya sa lansangan, at iba pa… hindi nila napagkilala kung sino Siya, sapagkat tiniyak ni Satanas na magkaroon Siya ng pinakamaruming pangalang maaaring maibigay sa isang tao. Tinawag Siya ng sanlibutan (ang natural na sanlibutan)… Tinawag Siyang ilehitimo (dahil ang sabi nila "pinagdalang-tao Siya ng Kaniyang ina sa pamamagitan ni Jose, bago pa siya ikasal sa kaniya."). Gawa nito nabigyan Siya ng isang ilehitimong pangalan.

70 At muli, nakita Siya ng iglesia sa Kaniyang napakamakapangyarihang manipestasyon. Manipestasyon ng ano? Hindi ng isang kredo! Ang Salita ang minanipista Niya! Siya Mismo ang pinahirang Salita. At nang makita nila itong nagaganap, ang manipestasyon, ang pinahirang Mesias, tinanggihan nila ito. Ayaw nila nito. Hindi ito ayon sa kanilang panlasa. Iyon ang kahabag-habag na parte. Ilan ang… Isipin n'yo lang ito! Tulad din nung ibang mga panahon.

71 Kita n'yo, bawat isa ay mayroong sarili niyang interpretasyon sa Salita. Iyon ang dahilan kaya di nakilala ng Israel si Moises. Iyon ang dahilan kaya di nakilala ng sanlibutan si Noe. Iyon ang dahilan kaya di nakilala ang lahat ng mga propeta. Mayroon silang sarili nilang interpretasyon sa Salita. Ngunit ang Diyos, sa bawat kapanahunan, ay nagkaroon ng mesias. Ang tumanggi sa mensahe ni Moises ay pagtanggi sa Diyos. Ang tanggihan si Noah ay nangangahulugan ng pagkapahamak. Ang tanggihan si Moises ay nangangahulugan ng pagkapahamak. Iyon ay… Sila ang mga pinahirang mesias para sa panahong iyon, ang Salitang ipinangako para sa panahong iyon. At nang dumating si Jesus, Siya ang kapuspusan ng Salita.

72 Ang Diyos Mismo ay napasa balangkas ng isang tao, na may mga buto at

laman; ang pinahiran. At dapat ay nakita nila iyon. Ngunit kita n'yo, ang kaiglesiahan nila noon ay nagdagdag nang husto rito at nagbawas dito at iba pa, hanggang sa labis na itong nagulo at sila ay nagtiwala sa kanilang iglesia sa halip na sa Salita. At nang makita nilang napahiran ang kanilang iglesia, inakala nilang mayroong dakilang bagay na nagaganap. Ngunit nang makita nilang napahiran ang Salita, ang sabi naman nila, "Iyan ay panatisismo. Ang lalaking ito ay isang diablo, isang Beelzebub." Sapagkat salungat na salungat ito sa kanilang iglesia hanggang sa… sa kanilang mga kredo at sa mga nagawa nila. At ganiyan palagi sa tuwing dumarating ang isang propeta, ang iglesia ay magulong-magulo na.

73 Pinadala ng Diyos sa kanila ang Kaniyang mga kautusan at binigyan sila ng isang tipan. At darating ang mga saserdote at magbabawas, at magdadagdag, at sila ang mangunguna, at bumubuo ng kredo sa pamamagitan nito. Pagkatapos bigla na lang magpapalitaw ang Diyos ng isang pinahirang lalaking nagbangon sa kapangyarihan ng Espiritu. At sa tuwina ay kinamumuhian siya ng mga saserdote, ng mga hari. At samantalang nakabihis ng malalambot na damit ang mga bulaang propeta, at mapagpakumbabang lumalakad, at mahinahon sa gitna ng mga hari at mga saserdote, upang maging karapat-dapat sa bigating pangalan at iba pa; ang tunay at totoong propeta naman ay basta na lang dumarating, hindi kabilang sa kanilang mga organisasyon.

74 Mayroon bang pangyayari sa Biblia kung saan kumuha ang Diyos ng isang saserdote at ginawa siyang propeta? Saan kailan man kumuha ang Diyos ng isang teologong eclesiastical (sinanay na lalaki, sinanay sa teolohiya) at ginawang propeta? Hindi Niya kailan man ginawa ito sa kasaysayan, sa anumang kapanahunan. Kailangan Niyang lumayo sa sistemang iyon, sa paghahatid nito. At iyon ang ginawa Niya rito.

75 Si Jesus, nang isilang Siya sa Bethlehem ng Judea, mula sa isang mahirap na pamilya, wala silang alam na background Niya, isa lamang sa mga taga tribo ng Juda, at ang nanay at tatay Niya ay mula sa lahi ni David; at kinailangan nilang pumaroon at magbuwis. At heto Siya, bata pa, umiikot at walang ginawa kundi tirahin ang mga iglesia. At muhing-muhi sila sa Kaniya. Wala silang masabi maliban sa nakagawa ng mga himala ang lalaking iyon. Binanggit iyon ni Pedro nung araw ng Pentecostes, aniya, "Si Jesus, na taga Nazareth, isang lalaking pinatunayan ng Diyos sa ating kalagitnaan, na ang Diyos ay sumasa Kaniya." At hindi sa pagdadagdag sa Kaniyang Salita o anuman; para pasimplihin: "Siya ang Diyos na nagkatawang-tao sa piling natin. Diyos na kasama natin."

76 At sinasabi ko nung isang gabi, na si Moises, nang tumayo hawak ang kaniyang dibdib—na ang Diyos iyon na nakay Moises na nag-iingat ng mga lihim sa kaniyang puso—at nang ilabas niya ang kaniyang kamay ay naging puno ng ketong. At ipinasok niya ulit sa kaniyang dibdib at ito'y gumaling, at

ng Diyos. Iyon ang nakuha ng Diyos sa magkabilang panig. "Sige, patungan mo ng pitong baka." Iyon ang ginagawa nila dun sa kampamento. "Patungan n'yo ng pitong kordero dahil may paparating na Mesias isang araw." Tama.

165 Kita n'yo, sa pundamental na usapan, pareho silang tama; sa pundamental na usapan. Kita n'yo, ngunit isang araw nang makita niyang di niya sila makuha dun, ang sabi niya, "Kung magbuklod na lang kaya tayo at mag-organisa." At doon sila nagkamali.

166 At doon din eksaktong nagkamali ang Pentecostes; nang ito ay mag-organisang muli tulad ng iba pang mga iglesia. Hindi n'yo ako kaaway. Kapatid n'yo ako. Isa sa mga araw na ito malalaman n'yong iyan ang katotohanan. Maaaring matagalan pa nang kaunti (ilang pag-inog pa ng araw), ngunit isang araw makikita n'yong tama yun.

167 Nang magkagayo'y tinamaan sila ng aral ni Balaam tulad… Iyon ang hinangad nila e. "Iisa lang tayong lahat," kita n'yo. Kaya't, hayun humayo sila. Lahat ng kanilang propeta at iba pa ay sumama sa kanila. At dumalo sila sa piging, yaong nagsasabing, "Lahat naman tayo'y naniniwalang mayroong iisang Diyos. Paniwalaan natin iyon." 'Yun mismo ang hinahanap nila, eksaktong eksakto.

168 Ngayon nahirapang magsama ang Methodist at ang Baptist dahil sa organisasyon, ngunit nung may paparating na isang punong organisasyon, kung saan ay maaari tayong magsama-samang lahat, sige, "Oh," sasabihin mo, "Hindi ito kailan man tatanggapin ng mga Pentecostal." Hindi? Ano'ng ginawa nila nung isang araw sa Missouri? Tiyak na nabasa n'yo ang inyong mga pahayagan, kita n'yo. Hindi n'yo tatanggapin? Hindi, hindi kayong mga Pentecostal, kayong mga tao; ngunit hindi kayo iyon, ang namamahala sa itaas ang nagkikilos sa inyo. Ang ulo ang nagpapaikot sa inyo. Tama. Huwag kayong sasama du'n. Iwasan n'yo ang bagay na iyon, iyan ang tatak ng hayop. Kumalas na kayo riyan simbilis ng magagawa n'yo, kita n'yo. Iyan ay isang eklesia… Ang puno ng gobiyerno ang nagpapakilos.

169 Hindi sana tayo pumunta at nakipaggiyera sa Germany o sa aling mang iba pa. Kung ito lang… Ayaw ko ng perang galing sa… perang galing sa dugo ng aking sariling anak, na kailangang lumantad doon at mamatay para dito. Kita n'yo? Ngunit iyon talaga 'yun, pulitika ang may gawa nito. At ang buong mundo ay kontrolado ng diablo. Iyon mismo ang sabi ni Jesus. At hindi ito kailan man maiwawasto hanggang sa milenyo, kapag dumating na si Jesus at Siya na ang mamamahala. Ngunit ngayon dumadanas tayo ng mga kabagabagang ito. Magmamadali tayo upang matapos na tayo.

170 Kung ano ang hinahanap nila… yun talaga. Iyon talaga ang hinangad nila. Nagtagumpay si Satanas sa kapistahan ng mga Moabita. Mayroon siyang isa pang parating. Dinadala niya silang lahat sa ganun muling kalagayan. Maghintay kayo… Biglaan! Isipin n'yo lang kung anong ginawa nila.

161 Kita n'yo, iyan ang ginawa niya sa mga Pentecostal. Ang sabi nila ilang taon pa lang ang nakararaan, nang kayo ay magsimula, "Ayaw n'yong pumunta kahit saan. Wala kayo. Mapapagod lang kayo. Isa lamang kayong bungkos ng panatisismo." Ngunti sa tuwing susubukan nilang sumpain kayo, muli kayong nagbabalik. Nagpatuloy ang Diyos na magpahayag ng Kaniyang mensahe. Mula sa dating Assembly, nung pasimula pa lamang, sa General Council. Pagkatapos ay ipinasok Niya, nang tanggapin nila ito, ang pangalan ni Jesus Cristo para sa bautismo sa tubig. At may tumalon sa ganitong direksyon, at ang isa naman ay sa ibang direksyon, at isa pa ay lumihis…; nag-organisa ng ganito at ganiyan. Patuloy na nagpala ang Diyos.

162 Ngayon, nang makita niyang di niya kayo magawang isumpa, anong gagawin niya? Ioorganisa niya kayo. Dadalhin niya kayo… "Oh, iisa lang naman tayong lahat," kita n'yo, "Naniniwala tayong lahat sa iisang Diyos." Kaya't ganun nga ang ginawa ni Balaam. At di ba't binalaan tayo ni Judas tungkol dito? Nagkamali sila sa daan ni… sa aral ni Balaam at napahamak sa pagsalangsang ni Core. Hindi ba't binalaan tayo ni Judas, na kinakapatid ni Jesus, tungkol dito sa Biblia? Katulad sila ni Cain sa simula, ang bayaran. Yaong nagsimba at nagtayo ng mga simbahan at nagtayo ng altar at nag-alay. Namali sila sa daan ni Cain. Nagsidaluhong sila sa daan ni Balaam, at napahamak sa pagsalangsang ni Core. Nilatag ni Judas ang kabuuan nito tulad ng ginagawa natin ngayong umaga, dito sa inyong harapan, gaya ng matagal na nating ginagawa. Nakalagay riyan ang kabuuan nito.

163 Napahamak sila sa pagsalangsang ni Core. Isipan n'yo lang kung gaano kasama iyon. Isipan n'yo lang kung anong ginawa ng Coreng… Kita n'yo, aniya, "Ngayon, sasampa tayong lahat sa kapistahan. Iisa lang tayong lahat." Ang mga Moabita ay naniniwala sa Diyos. Iyon ay mga anak ng anak na babae ni Lot. Kitan'yo? "Naniniwala tayong lahat sa iisang Diyos." Sa usapang pundamental, tamang tama sila. Masdan n'yo si Balaam, sing-pundamental ng kahit anong butihing Baptist o Presbyterian sa araw na ito. Pumanik siya ro'n at nandun ang Israel, ang walang denominasyong… Sila ay isang bansa. Ang Israel ay hindi isang bansa. Ito ay isang bayan nung panahong iyon. Tumanggi silang tumahak sa daan ng Diyos matapos ang ilang panahon. Naghangad silang matulad sa ibang mga bansa. Doon sila nabigo. Ngunit habang nais nilang manatili sa Diyos, walang problema.

164 Lumabas si Balaam, tumingin siya, aniya, "Buweno, naku! Alam kong isa sa mga ministrong iyon ay nagpakasal sa asawa ng ibang lalaki." Lahat ng iba pang mga bagay na ito, oh tunay nga, marami sila nito. Nakalimutan niyang pakinggan ang sigaw ng Hari sa kampamento. Di niya nakita ang hinampas na bato, at ang tansong ahas na nakabitin doon para sa katubusan. Hindi niya napagtantong di sila nakakabit sa anumang organisasyon. Nakakabit sila sa tipan ng Diyos, at doo'y lumalakad sila, kita n'yo. At ang sabi ni Balaam sa pundamental na paraan, "Ipagtayo mo ako ng pitong altar." Iyon ang hiningi

muli Niyang iniunat ito sa atin nang isugo Niya ang Kaniyang Espiritu; na walang iba kundi ang Diyos muli, na nasa ibang anyo nung araw ng Pentecostes. At tinatanggihan natin ito. Ayaw natin niyon. Ganun ang ginawa nila noon. Ganun din siguro ang ginagawa natin sa araw na ito.

77 Nakikita natin, bawat tao ay may kaniya-kaniyang interpretasyon. Kaya labis na nakalilito. Ngunit alam n'yo, ang sabi ng Biblia, ang Salitang ito ay di nagmula sa sariling pagpapaliwanag. Ang Diyos ang sarili Niyang tagapagpaliwanag. Hindi nito kailangan ang isang tagapagpaliwanag na Presbyterian. Ang Diyos ang sarili Niyang tagapagpaliwanag. Hindi rin nito kailangan ng tagapagpaliwanag na Pentecostal. Ang Diyos ang sarili Niyang tagapagpaliwanag. Sinabi Niyang gagawin Niya, kaya't tinutupad Niya na lang iyon, at tapos na. Kaya't nakikita nilang napapahiran ang Salitang ipinangako ngunit di nila matanggap. Nakikita n'yo ba, dahil salungat ito sa kanilang mga kredo.

78 Kung anong magiging itsura ng Mesias, ng pinahiran, at kung ano ang gagawin Niya ay malayo sa kanilang pagkaunawa. At nang basahin sa kanila kung anong gagawin Niya mula sa Kasulatan, hindi pa rin nila iyon naunawaan. Sapagkat nang dumating ang mga lalaking pantas mula sa Babilonia, nasa bandang hilagang-silangan sila ng Jerusalem, at pagtingin nila nakita nilang papunta sa kanluran ang tala. Sinundan nila ito sa loob ng dalawang taon, dinaanan ang Tigris River, at dumaan sa mga lambak ng Shinar, at nagpatuloy; dumating sa pangunahing syudad ng lahat ng mga relihiyon. Ang pinakadakilang relihiyon sa mundo, sa templo, sa Jerusalem. At nagparoo't parito sila sa mga lansangan na nagsasabi, "Nasaan Siya? Nasaan ang isinilang na Hari ng Judio?" Aba'y, walang nakaaalam niyon. Kataka-taka.

79 Nabulabog maging Sanhedrin… pinatawag nila ang mga iskolar na nagsasabi, "Basahin n'yo sa Kasulatan kung saan ipapanganak ang Mesias…"

80 At kinuha nila ang mga Kasulatan at binasa nila ang sinabi ni Mikas, "Mula sa… Judea… Bethlehem ng Judea, di ba't ikaw ang pinakamaliit sa mga pangulong bayan? Ngunit mula sa iyo lalabas ang gobernador na ito."

Kita n'yo, imbes na mag-imbestiga, sina-isang tabi lang nila ito, "Buweno, isa itong bungkos ng panatisismo," kita n'yo. Kaya mga pastol ang nakatanggap ng mensahe. Kita n'yo, wala silang… Mayroon silang mga sarili nilang interpretasyon, kaya di nila nakita ang tunay na bagay.

81 Ngunit tulad ng dati, kapag dumarating Siya, dumarating Siya na ayon na ayon sa sinabi Niya. Pumasok Siya sa syudad nang eksaktong-eksakto sa sinabi ng Salita sa teksto natin ngayong umaga. At ang sabi nila, "Sino kaya ito?" Nakikita n'yo ba ang ibig kong sabihin? Dapat nakilala nila kung sino iyon. At dito… hindi ang daigdig na nasa labas, kundi ang daigdig ng iglesia ang nagsabi, "Sino kaya ito? Sino kaya ito?" samantalang malinaw na sinabi

ng Kasulatan na ganun talaga Siya nakatakdang dumating. At ang sabi nila, "Sino kaya ito? Sino kaya ang lalaking ito? Patungkol saan ang emosyong ito? Tigilan n'yo ang pag-iingay na ito. Nininiyerbyos kami," kita n'yo. Ang bagay mismo na ipinanalangin nila ay nasa kanilang kamay na, ngunit di nila Siya nakilala. Samantalang dumating Siya ayon sa sinasabi ng Kasulatan. At kung darating Siya sa araw na ito, darating Siya nang ayon sa sinasabi ng Kasulatan. Dumarating Siya sa tuwina ayon sa panlasa ng Salita ng Diyos, at hindi sa panlasa ng ideya ng isang teologo tungkol dito.

82 Siya nga pala, alam n'yo bang ang Salita ng Diyos ay hindi kailan man dumating sa isang teologo? Humanap kayo ng Kasulatan kung saan iyon ay nangyari. Ang Salita ay di dumarating sa mga teologo; hinding-hindi. Ngunit nakikita n'yo ba, kung ang Salita ay mahahayag sa araw na ito, ang Salita para sa ating panahon, ito ay magiging ayon sa panlasa ng Salita ng Diyos. Hindi ayon sa panlasa ng ideya ng kung sino. Kukunin ng Diyos ang Salita Niyang ipinangako sa araw na ito, at papahiran Niya ito, at ito ay matutupad. Iyon lang. Hindi ito mahahadlangan sa pagkakatupad. Matutupad ito kahit ano pang sinasabi ng iglesia at anuman ang pinaniniwalaan ng iba pa sa kanila. Tutuparin pa rin ito ng Diyos. Kauting kaunti lamang ang makaaalam nito. Tama, kaunting kaunti lamang. Palagi nang ganun.

83 Kita n'yo, wala silang magawang iba pa sa kanilang sariling interpretasyon sapagkat sumandig sila sa kung anong sinabi ng iglesia sa kanila. Ngunit darating siya… Parati Siyang dumarating dati… Ganun ang ginawa Niya dati, at ganun ang gagawin Niya sa tuwing darating Siya, at lahat ng gagawin Niya ay magiging ayon sa panlasa ng Salita. Samakatuwid, di tayo maaaring magtiwala sa sinasabi ng ibang tao. Iisang bagay lamang ang maaari n'yong pagkatiwalaan, at iyon ang Salita. At ang Salita ay Diyos. At ang Salitang pinahiran ang nagiging Mesias; ang pinahirang Salita sa panahon. Napakaganda! Di nila iyon nakilala, ang Salita; ang tamang… Kanilang… Ang Salita ay palaging tama, ngunit ang interpretasyon nila do'n ay mali.

84 Iniisip ko kung mapag-iisa tayong lahat ng dakilang bagay na ito, ng Konsehong Ekumenikal na mayroon tayo sa mundo ngayon, at ng nabubuong Pandaigdigang Konseho ng mga Iglesia… Iniisip ko kung nauunawaan nilang iyon mismo ang sinasabi ng Kasulatan na gagawin nila. Ngunit iniisip nilang ito ang pinakakamangha-manghang bagay sa daigdig, na lahat tayo ay maaaring maghawak-hawak ng kamay at magkaisa. Anila, "Nanalangin si Jesus na tayo ay magkaisa." Totoo iyon. Ngunit hindi ganiyang uri ng pagkakaisa.

85 Ang sabi Niya, "Maging isa tulad ng Ako at ang Ama ay iisa." Siya nga, maging isang katulad niyon. At paano iyon mangyayari? Ang Salita at tayo ay magiging pinahirang Salita. 'Yan ang pagiging isa ng Diyos. Kita n'yo, ang pagiging isa ng Diyos ay ang Salitang pinahiran na nasa iyo, kita n'yo. At ikaw ay naging anak, isang mesias, ng panahon.

156 Masdan n'yo kung anong nangyari. Lumalakad ka… hindi lang mag-isa, may mga tao kang kasama. Nakakita ka ng kumpol ng mga anghel na nananaog mula sa langit, inuga ang buong lupa, tumayo ka lang do'n. At inilathala ito ng mga pahayagan; samantalang naihula na ito maraming buwan na ang nakararaan bago ito maganap. Tumayo Siya ro'n, at nagsabi, "Malapit na ang oras, bumalik ka na. Buksan mo ang pitong tatak ng mga hiwagang naikubli sa buong panahon ng repormasyon at iba pa, at ito'y ihayag mo." Pagkatapos dumating ang pangangaral ng binhi ng serpente, at lahat ng mga bagay na ganiyan. At ano ang ginagawa ng mga cleriko? Sa halip na magsabing, "Aba'y, sinabi ni Luther ang ganito o ganiyan." Kanila lamang… hindi nila iyon makikita kailan man. Kita n'yo? Ngunit napakagandang pribilehiyo nito para sa ating sumasampalataya; na makalakad sa presensiya ng Diyos, araw-araw.

157 Nakatayo ako ro'n at nakita kong lumabas ang isang ipu-ipo sa himpapawid. Pinasambulat nito ang isang bundok at ito ay nahati sa dalawa, sa kinatatayuan namin; pinutol nito ang tuktok ng mga punong kahoy at iba pang tulad niyon. At may pagsabog ng Salita na lumabas at umuga ng tatlong beses, at nagsabi, "Masdan mo ang pagtungo nito sa kanlurang baybayin." Nagtungo ito kaagad doon at inuga ang Alaska. At binabaybay na nito ang kanlurang baybayin ngayon. Eksaktong-eksakto.

158 Nung makalawa, kumuha ako ng isang bato at ibinato ko sa hangin at ako'y nagsabi, "Ito ang sabi ng Panginoon, 'Naririto na ang oras, ang mga paghuhukom ay magsisimula na sa lupa. "May magaganap na mga lindol at lahat na. At ang buong kanlurang baybayin ay mauuga at iba pa.'" Tignan mo kung gaano ito kasakdal. Araw araw ang lahat ay nagaganap nang eksakto sa pagkakasabi Niya. Paano natin ito ito maipipihit pabalik, mga kapatid? Panatilihin natin ang ating pananampalataya sa Kaniya.

159 Ang sabi nila, "Sino kaya ito?" Alam natin kung sino ito. Ito's si Jesus Cristo na pareho pa rin kahapon, ngayon, at magpakailan man, ang haliging apoy. Nung panahon ni Moises, tignan n'yo ang ginawa nito; itinipo nito ang haliging apoy sa araw na ito. Palagi itong… Bakit di nila pinaniwalaang si Jesus ay ang Salita? Mali ang iterpretasyon nila at pagkaunawa. Tulad ng ginawa ni Eva, ganun din ang ginagawa nila ngayon.

160 Noon ang aral ni Balaam ay tamang tama para sa kanila. At sadyang umakma nang husto sa kanilang panlasa. Sa pista, tignan n'yo… Sa kapistahan ng mga Moabita, kita n'yo… Oh, ano ang sinabi Niya. Tignan n'yo kung paanong larawan iyon ng araw na ito, kung paanong ito'y magkatipo. (Pinagtatagal ko kayo nang husto). Ngunit tignan n'yo, pansinin n'yo, sandali, ang kapistahan ng mga Moabita. Kita n'yo, hindi man nagawa ni Balaam na sila'y ilabas sa isang paraan, nagawa niyang iorganisa sila na magkakasama. Kung hindi niya sila masumpa… Habang lalo siyang sumusumpa, lalong nagpapala ang Diyos. Nagpatuloy lang siyang…

sinabi ng Diyos, "Patutunayan Ko sa kanilang Ako ang haliging apoy na nakatagpo mo sa ilang."

151 Kaya't ang sabi Niya, "Tipunin mo silang lahat sa palibot ng bundok." At nanaog Siya sa tuktok ng Bundok Sinai. At nagsimulang magpakulog ang Diyos.

152 At nagsabi ang mga tao, "Huwag mo nang pagsalitain ang Diyos. Hayaan si Moises na lang ang magsalita. Huwag mong hayaang…"

153 Ang sabi ng Diyos, "Di na ako mangungusap sa kanila ng ganito, ngunit magpapalitaw ako sa kanila ng isang propeta na mangungusap sa Aking pangalan," kita n'yo. Kaya't makikita nating iyon nga sa tuwina ang ginagawa ng Diyos. Bakit di nila iyon nakita nung pasimula pa lamang? Nakikita nila ang lahat ng mga bagay na ito, at pagkatapos ay nagbubulung-bulungan sila laban sa mensaheng naghahatid sa kanila sa lupang pangako; dali-dali silang pinag-umpisa niyon na lumabas, at inihahatid sila sa lupang pangako. Ngunit hindi pa rin sila… kinailangang magbulung-bulungan sila laban dito. Isipin n'yo, gaaano kasakdal… maaari sana silang lumakad araw-araw, na kasama ang Panginoon. Napakainam na buhay para ipamuhay doon mismo sa ilang! Sa gabi… Kumakain sila ng mana sa umaga, na nahulog buong magdamag.

154 Alam n'yo, naging masyado nang karaniwan ito sa kanila na ang sabi nila, "Nasusuya na ang kaluluwa namin sa tinapay na ito." Kita n'yo? At ganiyan din ang nangyari sa atin. Iniisip ko lang ang munting grupo na ating… sa munting ministeryo ko lang, sa buong bansa. Nakakakita tayo hindi lamang ng pagpapagaling at iba pang mga bagay; palagi nang ganun. Pagpapagaling; ang Diyos sa tuwina ay mayroong daluyan ng pagpapagaling sa kung saang lugar. Mayroon pa nga Siyang isang anghel minsan sa isang tangke. At Siya'y… lahat ng uri ng mga bagay. Ang tansong ahas sa ilang. Sa tuwina ay nagkakaroon kayo ng mga simbulo ng pagpapagaling. (Hindi iyon ang tinutukoy ko.) Ang pagpapagaling ay isang bagay na pumupukaw sa atensyon ng mga tao. Sinuman ay magbibigay sa isang *healing service*. Sila'y magbibigay sa isang *song festival*. Ngunit pagdating sa abang mga naliligaw na kaluluwa, ayaw nilang magkaroon ng kinalaman du'n. Ngayon hindi ba't parang tama nga 'yan? Mayroon tayong lahat ng bagay… sa isang abang ligaw na kaluluwa. Ayaw nating magkaroon nang kinalaman diyan. Hahayaan nila siyang mangapa tungo sa anumang bagay. Ang sinasabi nila, "Buweno, ayos lang 'yan, kasapi naman siya sa iglesia. Hindi ito makapipinsala kaunti man."

155 Ngunit ngayon, makikita natin dito… (magtatapos na tayo dito simbilis ng makakaya natin). Isipin n'yo kung gaano 'yun kasakdal. Tinitignan ko ang mga araw na inilagi natin dito sa ibabaw ng lupa. Tignan n'yo kung anong ginawa ng Panginoong Diyos. Nagsimula tayo na may mga dakilang tanda, at kababalaghan, at mga himala, na kinasiya nating lahat. Pagkatapos masdan n'yo… Pagkatapos ay dumating ang mensahe sa likod niyon.

86 Ngayon masusumpungan nating ganung-ganun pa rin ang mga tao. Ang mga tao ay di nagbabago. Ang mga taong ito ay nahahati sa tatlong grupo. At titignan natin 'yan ngayon sa loob ng ilang sandali. Alam kong matatagalan ako nang kaunti, kung ayos lang sa inyo. Sadyang napakabagal ko, gusto ko lang… di ko alam; nagsusulat ako ng mga Kasulatan, at ng munting mga tala. Pag dumating na ako ro'n dadamputin ng Espiritu Santo ang isa, at ako'y… parang wala na itong katapusan. Sadyang nagtutuloy-tuloy na ito. Ngunit, ngayon, sa ating teksto.

87 Sila ay nahahati sa tatlong magkakaibang grupo, na may tatlong magkakaibang opinyon. Ang ilan sa kanila ay sumampalataya sa Kaniya. At ang ilan naman ay di alam kung anong dapat gawin.

88 Kita n'yo, sadyang ganiyan din tayo ngayon. Nangaral ako, wari ko sa iglesiang ito, minsan: tungkol sa mga mananampalataya, mga kunwa'y mananampalataya, at mga di mananampalataya. Ang tatlong grupong iyon, mayroon kayo niyan kahit saan. Ito naman ay tatlong grupo rin; makikita nating ganito palagi ang kalagayan ng mga tao. Maaari tayong bumalik nang husto sa panahon at mapatutunayan nating ganiyan nga palagi ang kalagayan ng mga tao. Dati na silang nasa ganiyang uri ng kundisyon.

89 At dahil nakikita nating palagi nang ganiyan, nakakiling tayong maniwalang dinisenyo ng Diyos na magkaganiyan talaga ang mga tao. Aba'y, pagpupurihin Niya ang Kaniyang kaaway sa Kaniya. Lahat ng bagay… Si Pablo, nang isulat niya ang ika-8 kabanata ng Mga Taga Roma, ay nagsabi, "Oh, taong hangal. Maaari bang sabihin ng putik sa mamamalayok, bakit mo ako ginawang ganito? Hindi ba't may kapangyarihan Siyang gawin ang isang sisidlan sa ikapupuri at ang iba naman ay sa ikahihiya?" Ano kaya kung hindi Siya guamawa ng gabi? Hindi n'yo mapahahalagahan ang sikat ng araw. Kung puro liwanag lang ng araw, hindi n'yo malalaman kung paano itong pahalagahan. Ano kaya kung walang anumang karamdaman? Hindi n'yo malalaman kung paanong pahalagahan ang magandang kalusugan. Ano kaya kung walang masamang tao? Walang masamang babae? Ang isang mabuting babae ay hindi mapaparangalan, kita n'yo. Hindi siya mabibigyan ng karangalan, sapagkat puro ganun lang naman, walang kabuhay-buhay. Ngunit mayroong batas ng pagkakaiba-iba.

90 Ganun ito ginawa ng Diyos: ang isa'y kahiya-hiya, upang maipakita ang marangal; ang isa'y maling-mali, inilalantad nito ang… Kung hindi, iyon na sana ang tama. Kung walang… Hindi maaaring magkaroon ng pekeng dolyar malibang mayroong tunay na dolyar. At ang peke ay… Kung peke na ito sa pasimula pa lamang, kung gayo'y ito na ang magiging tunay. Ngunit ito'y kopya lamang. Hindi maaaring magkaroon… hindi maaaring magkaroon ng kasalanan malibang mayroon munang katuwiran. Sapagkat ang katuwiran ay tama at ang kasalanan ay pambabaluktot ng katuwiran. Sa ibang salita, ang katotohanan ay katotohanan. Ang isang kasinungalingan ay di maaaring

maging kasinungalingan malibang mayroon munang katotohanan; para mabaluktot ang katotohanan patungo sa isang kasinungalinan. Kaya't ang kasalanan ay katuwiran lamang na binaluktot. Samakatuwid, mayroong sistema sa sanlibutan.

91 Dalawang sistema; ang isa sa mga ito ay ang tamang sistema, at ang isa naman ay binaluktot na sistema. At ang isa sa mga ito ay ang Salita ng Diyos, na siyang tama; at lahat ng salita ng tao ay kasinungalingan. At mali ang sistemang makadenominasyon na mayroon tayo sa araw na ito, na bumubuo ng isang Pandaigdigang Konseho ng mga Iglesia upang gumawa ng tatak ng hayop at sila'y pagbubuklud-buklurin. At ang mga tao'y mistulang bulag na pumapasok dito.

92 Naglagay ang Diyos ng isang bagay sa lupa upang maipangligtas sa kanila. Ngunit iniisip nilang ito'y isang bungkos lamang ng panatisismo. Ayaw nila ito. Tinataboy nila. Sa palagay nila'y kailangan nilang gumawa ng isang bagay tungkol dito. Kailangan nilang gumawa ng sarili nilang sistema. Mayroon na ditong sistema ang Diyos, ang Kaniyang Salita. Ngunit ayaw natin 'yon. Kaya't nasumpungan natin ang mga sarili natin na katulad din nila noon.

93 Ngayon, dahil nakikita nating nakadisenyo ang mga taong maging ganun… Pansinin n'yo, sasabihin n'yo… Alam kong gumugugol ako ng maraming panahon, ngunit ayaw kong binabantayan 'yan kasi nininiyerbiyos ako, kita n'yo.

94 Pulitika; ngayon kunin nating halimbawa… Halimbawa lang… tignan natin kung ang mga tao nga ay nakadisenyong mapabilang sa tatlong uring ito. Kunin natin ang pulitika. Mayroong ilang mainit na mainit para sa isang tao. At ang isa namang grupo ay namumuhi sa kaniya. At ang isa pang grupo ay di alam kung anong gustong gawin sa kaniya; hindi nila alam kung ano ba, nalilito sila.

95 Ang sabi ng lalaking ito, "Oh, isa Siyang dakilang tao. Siya ang magiging pinakamahusay nating Presidente."

96 Ang sabi naman ng isa, "Siya'y isa lamang taksil." Kita n'yo, ganiyan tayo dinisenyo. Ginawa tayong ganiyan. Ganiyan ang mga tao. Kinailangang magkaganiyan upang matupad ang dakilang ekonomiya ng Diyos. At upang maisakatuparan Niya ang nais Niyang matupad sa ibabaw ng lupa, kinailangang idisenyo ang tao sa ganung paraan. Ang isa ay tama. Yung isa naman ay mali. At yung isa pa ay nasa gitna. Palaging ganun.

97 Pansinin n'yo, ginagawa nila iyon sa tuwing hindi nila alam… Hindi maganda ang lugar ng taong nasa gitna dahil: maipapakita nung isa kung bakit siya ay tama; 'yung isa naman ay maipapakita kung bakit iniisip niyang siya ay mali; at 'yung nasa gitna ay walang alam tungkol sa pinag-uusapan, di niya alam kung saan siya babaling. At sadyang ganiyan din sa relihiyon. Ganiyan

145 "Lahat ng nasa panig ng Diyos, pumunta kayo rito." At ibinuka Niya ang lupa at nilamon sila. Tama ba? Isipin n'yo lang iyon, kapatid. (Ay, naku.) Bakit di nila siya pinaniwalaan? Bakit di nila pinaniwalaang si Moises ang lider na mula sa Diyos? Bakit ginusto nilang makipagtalo sa kaniya? Lagi silang nagbubulung-bulungan at nagrereklamo samanatalang nakita nilang kumilos ang kamay ng Diyos sa ilalim ng… At si Moises… Pinatunayan ng Diyos na si Moises ang Kaniyang pinahirang mesias. Nakikita n'yo ba? At nang… Kita n'yo, sa kaibutaran ng kanilang puso, may hinahangad silang isang bagay na kakaiba.

146 Anong nangyari sa inyo mga Pentecostal? Ilang taon pa lang ang nakalilipas lumabas kayo sa kaguluhang kung tawagin ay denominasyon, upang gawin ninyong Pentecostal ang inyong mga sarili. Bakit hinangad niyong magbalik muli ro'n? Kinailangang dumating ang ipa. Wala pa kasi dito ang butil. Kita n'yo, pansinin n'yo, sadyang ganiyan ang ginawa nila. Iyon ang nasa puso nila. Kinailangan nilang gawin 'yon.

147 Ngayon, kita n'yo, may ideya si Dathan na maaari silang bumuo ng isang malaking relihiyon mula rito. Alam n'yo, maging si Apostol Pedro ay nagkaroon ng ganung ideya sa Bundok ng Pagbabagong-anyo. Ang sabi niya, "Magtayo tayo ng tatlong tabernakulo rito; isa para kay Moises, at isa para sa kautusan, at ang isa ay para sa mga propeta, isang…"

148 At habang nangungusap siya, may tinig na dumating mula sa langit na nagsasabi, "Ito ang sinisinta Kong Anak, Pakinggan n'yo Siya." Noon sila lumingon, at si Jesus na lang ang nakita nila. Nakatayo Siya ro'n. Siya ang Salita. Ang Salita lang na iyon ang kailangan n'yong marinig. Iyon Siya sa alin mang kapanahunan. Tignan n'yo ang sinasabi ng Salita para sa kapanahunang iyon, at masdan n'yo ang pagpahid dito ng Diyos, at sumama kayo ro'n. Iyon lang.

149 Sinundan nila ang haliging apoy patungo sa ipinangakong lupain. Ang mga nagpatuloy hanggang sa dulo ay nakapasok, ang iba ay napahamak. Pansinin n'yo, ninais nilang ihalo ang Salita sa sanlibutan… na nagbunsod sa kanila sa kamalian. At pansinin n'yo kung anong idinulot nito sa kanila. Ang Salita… Di nila iyon nakita dahil ayaw nilang tanggapin ang pinahirang Salita. Kita n'yo, kailangang magkaroon ng peke… Una kailangan n'yong magkaroon ng tunay, upang makagawa ng peke mula rito. At mayroon sila nito noon, at ipinakita ng Diyos na hiwalay Siya ro'n.

150 Isipin n'yo kung gaano kasakdal ang pagkakapakilala ng Salita sa kanila, sa pamamagitan ng pagkakabindika sa kanila nito. Lahat ng inihula ni Moises ay magaganap. Na siya ay tinawag upang dalhin sila sa lupang pangako. Lahat ng inihula ni Moises ay naganap, doon mismo. Walang salitang nabigo. Ang laking pribilehiyo sana niyon, na ikaw ay lumalakad sa ilang… At doon, matapos na… Nang sabihin niya sa kanila ang mensahe, kailangang paniwalaan nila muna iyon. Ngunit pagkatapos na mailabas niya sila ro'n,

ang mga iglesia. Ang sabi niya, "kailangan nating pumasok dito, sa ekumenikal na pagkilos na ito." Aba'y, ang ilan sa kanila'y… ang church of Christ. Marami sa mga denominasyong ito ang di man lang naniniwala sa birhen kapanganakan, at ang iba pang mga ito, pagkatapos kabilang silang lahat doon. Paanong makalalakad na magkasama ang dalawa malibang magkasundo? Pagkatapos, nagsabi kayo du'n ng, "Amen". Iniisip ko ngayon ito: paano nasasabi ng isang tao na siya'y Cristiano at puspos ng Espiritu Santo, pagkatapos ay itatangging ang Salita ay di nagbabago kahapon, ngayon, at magpakailan man? Pagdidiinan ng Espiritu Santo na nasa inyo ang Salitang iyan, ang bawat Salita ng, "Amen. Amen. Amen." Kapag nagsabi ng anumang bagay ang Salita, sabihin n'yo, "Iyan ay totoo." Amen! Sapagkat sumasang-ayon ka sa Salita. Sumasang-ayon ka sa Diyos. Ikaw at ang Diyos ay iisa. Ang Diyos ay nasa iyo. Ika'y anak Niyang lalaki o babae, dahil diyan ika'y isang mesias para sa Kaniya, ang pinahirang Salita na nabubuhay sa iyo.

139 Pansinin n'yo, tinawid ni Balaam ang mga tandang ito. Siya'y ganap na makadenominasyon at ganap na tugon sa kanilang panlasa. Iyon ang hangad ni Dathan. Iyon ang hangad ni Core. Naghangad silang bumuo ng isang organisasyon sa pamamagitan nito. Ang sabi nila, "Mayroon tayong mga banal na lalaki sa buong lugar na ito."

140 Wala akong pakialam gaano man lumakad na magkasama ang dalawang tao, may kaibahan sila. Di pare-pareho ang mga ilong natin. Ang mga guhit ng ating hinlalaki ay di magkakatulad. Maraming bagay sa atin ang… Ngunit maaari tayong magsalinan ng dugo, maging ang mga kambal nga ay magkaiba pa rin. At nakikita n'yo ba, pinapapasok lang ng Diyos ang isang tao sa ugoy na iyon, at paniniwalaan na 'yun ng iba.

141 Gumawa Siya ng isang tao, at ng maraming tao mula sa taong iyon. Kung papaanong namamatay lahat kay Adan, ang lahat ay nabubuhay kay Cristo. Gumawa Siya ng isang daan ng kamatayan, at lahat sila'y lumakad dito. At gumawa Siya ng daan ng buhay, at maraming lumalakad dito na may buhay. Galing sa isang tao, hindi isang dosena ang dumating at namatay. Hindi kinailangang magkasala ang isang dosenang tao. Isang tao lang ang nagkasala ng isang kasalanan. Isang tao ang nagbayad ng buong kabayaran. Hindi na nito kailangan ng anumang paglakad nang paluhod, at pagdarasal ng abaginoong Maria, at lahat ng iba pang mga bagay na ito, at pagpaparangal sa mga taong patay. Namatay si Jesus upang ang kaloob ng Diyos ay maging walang bayad. Binayaran Niya nang lubusan ang utang. Ngunit nakikita n'yo ba, nais nating magdagdag pa ng masasabi natin do'n.

142 Masdan n'yo ito ngayon. Ang mga lalaking ito ay naglapitan at nagsabi, "Buweno, ginagawa mong nag-iisa ang iyong sarili sa lupon. Akala mo nag-iisa ka lang."

143 At nasuya si Moises sa kaniya. Bumalik siya, aniya, "Ama…"

144 Ang sabi Niya, "Ibukod mo ang iyong sarili sa kanila. Ako'y…"

din ang ginagawa ng mga tao sa araw na ito tungkol sa kanilang eternal na destinasyon.

98 Ngayon, mananakit tayo sandali. Ginagawa nila iyon tungkol sa kanilang eternal na destinasyon. Ang isang tao ay paparito upang… sa... upang kumain. At kung makakita ka ng gagamba sa tasa ng sabaw, nanaisin mong idimanda ang kumpanyang iyon o ang restaurant na iyon. Aba'y, di mo kakanin ang sabaw na iyon, may lason na iyon. Hinding hindi mo iyon tatanggapin, may malaking ipis na nalaga sa tasa ng sabaw. Subalit hahayaan n'yong isungalngal ng isang bungkos ng mga teologo ang isang bagay sa inyong lalamunan na maglalayo sa inyo nang husto sa Diyos, at nilulunok n'yo. Samantalang, "Ang tao ay mabubuhay sa pamamagitan ng bawat Salitang namumutawi sa bibig ng Diyos." Ito'y isang tanikalang nilalambitinan ng iyong kaluluwa sa ibabaw ng impiyerno. At katulad ng sinabi ko dati, "Pinakamatibay ang tanikala sa pinakamahinang duktungan nito." Isang duktong lang ang bumigay… ang kailangan mo lang gawin ay sirain ang isa sa mga duktong na iyon; iyon lang. Lahat ng iba pa mapipigtas nang kasama niyon. Sinlakas lang ito ng pinakarupok na duktong nito.

99 Ngayon… At alam ng isang tao na kapag kinain mo ang sopas na iyon na may gagambang nakalalason, maaari kang magkasakit. Kakailanganin mong pumunta sa ospital, at ipabomba ang iyong tiyan at napakarami mong hirap na dadaanan. At sa katotohanan ay maaari mo itong ikamatay. Ngunit, naku! Ika'y… Aba'y, di ka lalapit sa ganung lugar. Hindi mo na palalapitin maging ang anino mo sa pintuan iyon, dahil natatakot kang malason at mamatay. Pagkatapos ika'y walang pasubaling sasapi, maglalagay ng iyong pangalan sa aklat, at makikipaglaban para sa pinakalayunin ng bagay na sinasabi ng Biblia, "Hindi ipapahamak nito ang iyong katawan, ngunit ibubulid nito ang iyong kaluluwa sa impiyerno." Kita n'yo? Kakatwa ang gawi ng tao. Isinasalig nila ang kanilang eternal na destinasyon sa isang teolohikang termino. At maaari mong dalhin sa kanila ang Kasulatan, at sabihin, "Ito ang sabi ng Biblia. Heto mismo."

100 At titignan ito ng teologo, sasabihin, "Buweno, iyan ay para sa ibang panahon," kita n'yo. Pagkatapos ay pinapakinggan n'yo siya. Nakikita n'yo ang sinasabi ng Diyos. Ang tunay at totoong Cristiano ay sa Salita lamang nakikinig, iyon lang. Sa tinapay na iyan nabubuhay ang mga lalaki ng Diyos.

101 Pansinin n'yo, ang ilan ay sumasampalataya sa Salita. Samantalang ang iba naman ay sumasampalataya sa interpretasyon ng kanilang denominasyon. At mayroon namang iba, sa kalituhan, ay hindi alam kung anong dapat paniwalaan.

102 Ngayon ang sabi ng ilan sa kanila, "Oh, ang Pandaigdigang Konseho ng mga Iglesiang ito ang magbubuklod sa ating lahat para magkaisa. Oh, sadyang ito na iyon."

103 At ang sabi naman ng iba, "Aba'y, sa diablo iyon! Narito iyon sa Kasulatan."

104 At ang taong hindi gumugugol ng panahon upang umupo at manalangin at magsaliksik, ang sabi naman niya, "Oh, kalimutan n'yo iyon." Kalimutan iyon? Ito'y ang iyong… sa pamamagitan ng iyong pahayag, kapatid, sa pamamagitan ng iyong posisyon, kung paano mo ito tinatanggap, ito ang magdadala sa iyo sa iyong eternal na destinasyon na paparoonan mo magpakailan man. Huwag mong gawin 'yan.

105 Dapat ay upuan natin kapag nagkakaroon ng ganitong katanungang… Tulad nung panahon ni Jesus; nang dumating sila, ang sabi ng iglesia, "Oh, isa lamang siyang taksil. Wala 'yan."

106 Ngunti may isang nagsabi, "Saliksikin ninyo ang mga Kasulatan." Aniya pa, "Sa mga ito ay iniisip n'yong mayroon kayong buhay na walang hanggan, at ang mga ito ang nagsasabi sa inyo kung sino Ako."

107 Kung gayon ang mga kalalakihan, mga kababaihan, ng anumang estado, o ng interes sa kanilang eternal na destinasyon, ay dapat na magsaliksik ng mga Kasulatan at tignan kung sino Siya. Ang tanong sana noon ay hindi, "Sino kaya ito?" Sinabi sana nila, "Heto Siya!" Iyan ang kaibahan. Kita n'yo, mga tao kasi, sadyang nakahilig silang magkagayon. Ang ilan ay nakatalaga do'n. Mahirap sabihin 'yan, ngunit ito'y totoo. Nakikita ito, kita n'yo.

108 Ngayon, sa araw na ito, may mga nagsasabi, "Sumasampalatay ako sa Salita. Ang Salita ay katotohanan; bawat salita nito."

109 Ang sabi ng iba, "Ah, ang mga pastor namin ay nag-aaral ng ganiyang uri ng… Alam nila kung anong dapat sabihin tungkol diyan."

110 Ang iba ay nagsabi, "Buweno, di ko alam. Sumali ako sa isang ito. Di ko nagustuhan. Nagpunta ako rito at sumapi ako sa isang ito. Hindi ko alam kung saan ako dapat mapabilang," kita n'yo. Sadyang ganun iyon dati, parehong uri ng mga tao. Buweno palaging ganun, mula pa sa pasimula, at laging magkakaganun.

111 Ngayon isaalang-alang natin ang katotohanan ng Biblia tungkol dito, at tignan natin kung ito ay tama; sa loob lamang ng ilang sandali… Si Adan… Sa pasimula ganito na nagsimula, gaya ng mayroon tayo sa araw na ito, hindi nagbago kaunti man. Si Adan noon ay isang mananampalataya. Si Satanas ay di mananampalataya; hindi siya naniwala sa Salita. Kaya't nakuha niya si Eba, na hindi naman sigurado kung tama ba ito o hindi, kita n'yo. Si Satanas, ang di mananampalataya… Ang sabi ng Diyos, "Sa araw na kumain ka niyon, pagdakay mamamatay ka."

112 Ang sabi ni Satanas, "Hindi tama 'yan." Kita n'yo, at di niya iyon sinampalatayanan. Si Adan naman ay sumasampalataya ro'n. Kaya't trinabaho niya yung isang nasa gitna. Sadyang di nila matukoy… sadyang di niya matukoy.

pati na sa mga kasama nito, palaging may mga propeta; sila: na malalambot at mangangalakal na mga propeta… na sasama-sama at naghahangad ng papuri ng hari, at ng pamigay, at… Tama, gaya ng dati ay may apat na raang propeta si Achab, na nakabihis sa paraang eklesiastikal. At sinabihan niya ang hari, na si Jehoshapat, "Aba, tunay nga, mayroon akong apat na raang sanay na sanay na mga Hebreong propeta."

134 Lahat sila'y nagdatingan at nagsipanghula. Ngunit ang lalaking iyon ay may sapat na Diyos sa kaniyang kalooban upang malamang mali iyon, 'pagkat alam niyang isinumpa na ni Elias ang bagay na iyon. At paanong pagpapalain ng Diyos ang kaniyang sinumpa? Hindi Niya ito maaaring gawin. Ang sabi niya, "Wala na ba kayong isa pa na maaari nating tanungin?"

135 Ang sabi niya, "Oo, mayroon pa kayong isa rito; si Micheas, na anak ni Imla. "Ngunit," aniya, "Namumuhi ako sa kaniya." Sabi niya, "Palagi niya kaming kinukundena at ako'y sinasabihan ng lahat ng masamang bagay." Paanong makauungal ang leon… Ang Diyos ay nangusap. Sino ang di makapangungusap ng katotohanan? Dahil salungat iyon sa Salita ng Diyos, kinailangan niyang sumpain ang bagay na ito. Lagi silang may bulaang propeta. Ngunit mayroon din silang totoo sa tuwina. Alalahanin n'yo, hindi isang lupon. Iisa lang. At ganiyan palagi sa alin mang panahon. Ganiyan pa rin sa araw na ito.

136 Ang propeta ng panahon ay ang Salitang ito. Tama. Ang propeta, sa araw na ito, ay hindi ang iba't ibang… Narito ang isang propetang Methodist, isang propetang Baptist, isang propetang Pentecostal, lahat ng klaseng propeta na nakapaligid, sa buong bansa. Ngunit nananatili pa rin ito: mayroong iisa lamang na tunay na propeta, ang di nagbabago kahapon, ngayon, at magpakailan man. Tama. Si Jesus Cristo! At Siya ang Salita. Tama. Siya ang Salita: ang pinahirang Salita ng panahon.

137 Pansinin n'yo Siya ngayon, habang nagpapatuloy tayong maglakbay. Nalaman nating si Josue at Caleb ay… At dumating naman si Balaam sa anyo ng upahang propeta. Anong ginawa niya? Niyurakan niya ang bawat Salita ng Diyos matapos na ipakita ito sa kaniya ng Diyos. Kinakatawan niya ang denominasyon, sa araw na ito. Isang taong hindi dapat… na nakaalam sana kung anong mas mabuti. Alam niyang mali iyon. Ngunit anong ginawa niya pagkatapos niyon? Binalaan siya ng Diyos, ngunit tinawid niya pa rin ang babalang ito. Nahaling siya nang husto sa pera at sa popularidad na sumapi siya sa kanila. At ganun din ang ginagawa ng mga Iglesia sa araw na ito na tuluyang pumapasok sa Pandaigdigang Konseho ng mga Iglesia. At bawat babala ay naipabatid sa buong bansa sa mga huling araw na ito. Tuluy-tuloy pa rin silan sa pagpasok dahil mas iniibig nila ang papuri ng tao kaysa sa Salita ng Diyos.

138 Mayroon akong matalik na kaibigang nanduon sa labas, na nangangaral ng mensahe; isang Pentecostal, hinihimok ang mga tao, sinisikap na pagbuklurin

127 Sinubukang tanggihan iyon ng mga Egipcio sa ganitong paraan… Sinubukan iyong tanggihan ng mga di mananampalataya. Sinubukan ng mga kunwa'y nananampalataya ang kanilang pakana. Ngunit tuluyan silang dinala ng Diyos sa ipinangakong lupain. Tama. Sila ay pinahiran. Sila ay… Siya ang Mesias.

128 Ngayon lumabas ang katanungan sa ilang. Dito humahantong… (Kita n'yo na, nais kong masdan n'yo, mga kapatid ko.) Ngayon tandaan n'yo, nasiyahan ang mga taong ito sa mga pagpapala. Nasiyahan sila sa pangangaral ng propetang ito, ng pinahirang ito. Naniwala sila sa kaniya. Sumunod sila sa kaniya. Ngunit mayroong nagbangon sa ilang na isang nagngangalang Dathan, at isa pang nagngangalang Core. Ang sabi nila, "Naging pang-isang tao na lang itong bagay na ito. Akala ni Moises siya lang ang tinawag ng Diyos."

129 Ayaw nila ng mensahe ng iisang tao. Hindi, hindi nila ito gusto. Sa iisang tao lang nakikitungo ang Diyos sa bawat pagkakataon. Palaging galing sa isang tao ang mensahe. Kailan Siya nakitungo kailan man sa mga tao, nang hindi sa pamamagitan ng isang tao lang? Isang indibiduwal ito. Hindi isang grupo. May pananagutan ang bawat isa sa inyo sa Diyos. Sasabihin mo, "Oh, sumasampalataya ako dito." Inyo lamang… Iniisip n'yo lang iyon. Iniisip n'yo lang.

130 (Narito ang isang babaeng nakatayo rito. Isa akong binatang naghihintay na makapag-asawa. Naabot niya lahat ng espisipikasyon ko sa lahat ng paraan. Isa siyang kaibig-ibig na Cristiano: sa itsura, sa pananamit, sa kilos, sa pamumuhay ay tulad siya sa Cristiano. Aamin akong magiging mabuting maybahay siya. Ngunit hindi siya sa akin hanggat di ko siya tinatanggap para maging akin.) Ganiyan ang mensahe. Maaari kang magsimpatiya rito at magsabi, "Tama ito." Ngunit kailangang tanggapin mo ito mismo upang ika'y maging bahagi nito. Pag nagkagayon ikaw at ang mensahe ay magiging iisa. Ang pagkapahid ay sumasaiyo, tulad sa iba.

131 Ngayon, hindi ito sinampalatayanan ni Satanas. Si Dathan… Nagawa niyang huwag paniwalain si Dathan at ang iba pa sa kanila, at ibunsod silang lahat sa kapahamakan.

Ngunit sasabihin n'yo, "Sandali lang, Brother Branham, ang sabi mo, 'Tatlo: sina Moises, Josue, at Caleb.'" Tama nga iyon. Tatlo nga ang naroroon. "Ngunit dito ang sabi mo, 'Dalawa.' Ang sabi mo rito "Mayroong isang…'"

132 Sasabihin n'yo, "Si Satanas na supernatural." Ngunit mayroon ding Diyos na supernatural, na nagpapahid sa tatlong ito. Ngayon, nagpahid lang si Satanas. Ngunit mayroong isang darating, 'yung isa ay paparating, bantayan n'yo lang sandali. Dumating siya sa eksena, ang pangalan niya'y Balaam. Siya'y isang propetang maibigin sa salapi, propeta sa turing, bulaang propeta.

133 Ang lahat ng uri ng propeta ay laging nariyan. At ganun palagi sa Israel

113 Ngayon, pansinin n'yo, ang babae dito ay kumakatawan sa parating na makadenominasyong iglesia na kung tawagin ay nobya. Umusbong ang lahat sa Genesis. Ito'y isang binhi. Magsimula ka sa Genesis; maiwawasto mo ang iyong larawan, kita n'yo. Ngayon, dito, kinatawan niya ang iglesia ng panahong ito sapagkat may mga nagsasabi na ngayon, halimbawa ang mga Presbyterian, at mga Lutheran, at ang ilan sa kanila ay naglalapitan, ang mga business men na ito at iba pa, na nagsasabi, "Nais naming magkaroon… Nais namin ang Bautismo ng Espiritu Santo. Nais naming makuha 'yon."

114 Nauunawaan n'yo ba ang araw na maaaring kinaroroonan na natin? Kita n'yo? Maaaring di na nila ito makuha kailan man. Alam n'yo bang sinabi ni Jesus, "Kapag ang mga natutulog na dalaga ay…"?

115 Ngayon, alalahanin n'yo, dumating ang mga natutulog na dalaga at nanghingi ng langis. Selyado na iyon. Hindi siya nakakuha nito. Hindi niya ito nakuha. Nauunawaan n'yo bang kapag nawala na ang nobya, naagaw na sa langit, ang mga iglesia ay magpapatuloy pa rin, ang mga tao'y mag-iisip na sila'y naliligtas at lahat na tulad ng dati. Magpapatuloy sila tulad nung panahon ni Noe. Nagpatuloy sila sa pagkain, pag-inom, at lahat na tulad ng dati. Hindi nila alam na sarado na ang pintuan. At maaari, mga kaibigan, na magsara na ang pintuan anumang oras. Maaari ngang sarado na, malay ko. Hindi natin alam.

116 Kaunti lang sa kanila ang magpapatuloy. Alam nating "Kung paanong sa mga kaarawan ni Noe ay walong kaluluwa lang ang naligtas, magkakagayon din ang sa pagdating ng Anak ng tao." Kakaunti lang ang maliligtas. Hindi ko sinasabing walo. Maaaring walong daan o… Hindi ko alam kung gaano karami. Walong libo. Hindi ko alam. Walong milyon. Ako'y…

117 Ngunit kita n'yo, ang nobya'y di mabubuo ng maliit na grupo lamang na naririto sa lupa ngayon. Nang dumating Siya sa ikapitong pagbabantay, nagbangon ang lahat ng mga dalagang iyon at pinag-igi ang mga ilawan nila. Simula sa umpisa, bawat isang sumampalataya sa pinahirang Salita sa buong panahong nagdaan, ay naglabasan. Tulad ng pyramid, ang pinakababang bahagi, ay dumating… Ngunit ang pangulong bato ay kinailangang dumating upang damputin ang kabuuan nito upang buuin ang isang pyramid. Kita n'yo, ito'y pagsasama-samahin. Ngayon, ang nobya ay bubuuin ng lahat ng sumampalataya at tumanggap kay Cristo bilang Tagapagligtas nila sa mga kapanahunang nagdaan.

118 Ngayon, di tiyak si Eba. Sinabi ni Adan sa kaniya, "Ngayon, ang sabi ng Diyos, Honey, 'na sa araw na kumain ka ro'n, sa araw ding iyon ay mamamatay ka.'"

119 Ngunit ang sabi niya… Ang sabi ni Satanas, "Tunay na di maaaring maging tama 'yan. Isipin mong tatratuhin ng isang Ama ang kaniyang mga anak nang… Munting bagay lamang na ganiyan. Tunay na di ito totoo," kita

n'yo.

120 At ano ang binalingan niya sa dulo? Bumaling siya sa "Tunay." At ganiyang-ganiyan din ang ginagawa ng iglesia sa araw na ito. "Oh, tunay na… Tayo'y isang malaking iglesia. Mga dakilang tao tayo. Ang tagal-tagal na natin… Lahat ng mga bagay na ito na tinatawag nilang panatisismo, ang bagay na ito na tinatawag nilang bautismo ng Espiritu Santo at lahat na… Iyon ay walang kabuluhan! Kita n'yo, iyon ay… Walang ganiyang bagay. Ah, tunay na… Nagbabayad ako ng ikapu. Nagsisimba ako. Nagsimba ang nanay ko sa… Tunay na ang Diyos ay…" Ngunit iba ang sinabi ng Diyos! [Patlang sa tape.] Kita n'yo, tungkol sa Laodiceang ito, upang ipakitang tapos na; na siya'y naselyuhan na sa loob, at si Cristo ay nasa labas na. Hindi Niya sinabing pumasok Siyang muli, alam n'yo. Kaya masusumpungan natin sa araw na ito na inilalabas nila ang Salita, tulad ng dati pa.

121 Ngayon, pansinin n'yo, si Moises, ang pinahirang Salita… o maaari natin siyang tawaging… Sana maunawaan n'yo, kapag sinabi kong siya ang Mesias noon. Siya ang pinahirang Salita na ipinangako para sa araw na iyon. Si Moises iyon! Naniniwala ba kayo ro'n? Oo, ang salitang mesias ay nangangahulugang "ang pinahiran." Kita n'yo? Ngayon, si Noe ang pinahiran ng kaniyang panahon. Nangusap si Abraham… na magkakaroon ng… Ang bayan niya'y nakipamayan ng apat na raang taon sa pagkakaalipin, at sila'y ilalabas sa pamamagitan ng isang makapangyarihang kamay, at ng kung ano'ng ipapakita niya: ang kaniyang mga tanda at kababalaghan… at ang mga henerasyong darating at kung anong gagawin ng mga ito. At tumayo doon si Moises, ang pinahirang Salita ng araw na iyon. Kaya nagawa niyang ilagay ang kaniyang kamay sa kaniyang dibdib. Bakit? Sapagkat nakatayo siya sa presensiya ng Diyos. Amen! And dakilang luwalhati ng Shekinah ay nakapalibot sa kaniya. Bawat galaw na ginawa niya ay kumatawan sa Diyos. Diyan na dapat nakatayo ang iglesia ngayon. Tama! Sa halip niyan, nasa pag-aalboroto tayo ng kung anong makadenominasyong bagay.

122 Ngunit napukaw ang pansin ni Moises, at siya ay tumabi. At naroon ang haliging apoy sa palumpong iyon. At nakatayo ro'n si Moises na pinahiran. Walang dudang ni di alam ng lalaking iyon kung anong ginagawa niya. Ang mga sagisag na ibinigay sa kaniya nang tumayo siya ro'n hawak ang kaniyang tungkod, at di niya alam na iyon ay magiging tungkod sa ilang. Iyon ay naging ahas, pagkatapos naging katubusan; naging ganun nga ang ahas na iyon sa ilang. Lahat ng bagay na ginawa niya… ang mga iyon ay mga tanda at tinig na nangungusap sa bayan. Kita n'yo, mayroong kung anong bagay na nakakunekta sa kaniya. At marahil ay ni di iyon alam ni Moises, ngunit siya ang pinahirang Salita ng araw na iyon. Siya ang pinahirang mensahero. Kaya't kung siya ang mensahero ng panahong iyon, siya ang mesias ng panahong iyon. Siya ang pinahiran.

Ngayon, siya, si Josue, at si Caleb ang mga mananampalataya sa grupo, pansinin n'yo, at sinikap nilang ituro sa isa't isa ang katotohanan. Ngunit kita n'yo, sina Satanas, Dathan at Core naman ay nagbunsod sa iba na mangamatay sa ilang. Ngayon, anong problema?

123 Tinawag ng Diyos si Moises. Ayaw niyang umalis. Ganun na lang ang mga dapat na gawin ng mga propeta na sila'y… Iyon ay mahirap gawin. Ayaw nilang lumantad, at alipustahin. Nais nilang makisama at makihalubilo sa iba at makisalamuha sa mga kapatid. Ngunit nakikita n'yo, tulad din ng… Naniniwala ako… Nakalimutan ko kung sinong propeta ang nagsabi, "Kung… Ayaw kong gawin ito," sa ibang salita, "ngunit magliliyab ang buong puso ko. Ang Diyos ang nangusap at kailangan ko itong iparating." Gusto man nila iyon; ipako man siya sa krus; batuhin man siya; anuman ang gawin nila… Ang Diyos ay nangusap sa kaniyang puso, at kailangan niya itong ipahayag. Hindi upang maiba, kundi upang maging masunurin. "Ang pagsunod ay mas mainam kaysa sa sakripisyo; ang pakikinig kaysa sa mga taba ng kordero." Kita n'yo, iyon ay nasa kaniyang puso. Kailangan niya itong gawin. Buhay niya iyon. Hindi niya iyon mapigilan. Mayroong kung ano, isang pintig, na nagtulak sa kanila. Di nila iyon magawang basbasan o sumpain. Lubusan ang kontrol ng Diyos sa kanila hanggang naging Siya na ang tinig nila, ang kilos nila. Aleluia!

124 Bigyan mo ako ng isang iglesiang lubusang pinahiran ng Diyos hanggang ang bawat galaw nila at kilos ay *ito ang sabi ng Panginoon*, lumalakad sa luwalhating Shekinah, ipapakita ko sa inyo ang isang Mesias na pinahiran ng Diyos na nakatayo sa ibabaw ng lupa.

125 Nakatayo ro'n si Moises sa tabi ng palumpong na nag-aapoy sa luwalhating Shekinah. Nakatayo roon, pinahiran, halos di niya alam kung anong ginagawa niya. Sinusunod niya lang kung anong sinabi ng tinig na gawin niya, "Ilagay mo ang iyong kamay sa iyong dibdib. Ilabas mo. Damputin mo ang tungkod. Gawin mong isang ahas. Ihagis mo ulit sa lupa." Anuman ang sabihin ng iba, sinunod niya iyon.

126 Ang sabi niya, "Panginoon, ipakita Mo sa akin ang Iyong kaluwalhatian, at ako'y handa nang pumunta sa Egipto. Hindi ako isang taong mahusay magsalita. Di ako makapagsalita nang maayos. Ngunit ipakita Mo lang sa akin ang Iyong kaluwalhatian." At pinakita Niya iyon sa kaniya. At humayo siya at dinala ang mga bagay na ito upang ipakitang siya ang pinahirang Mesias. Dumampot ng alabok ang lalaking iyon at ibinato sa hangin, nagliparan ang mga langaw at pulgas mula ro'n, at tinakpan ang lupain. Ano bang nakalilikha kundi ang Diyos? Kumuha siya ng tubig sa ilog at ibinuhos ito sa dalampasigan; at bawat patak ng tubig sa buong Egipto ay naging dugo. Ano pang makagagawa niyon kundi ang Diyos? Ano iyon? Lubusan ang pagkasuko niya sa pinahirang Salita ng Diyos hanggang sa naging siya na ang Mesias.